


MAKING GOSPEL CENTERED DISCIPLES

DERICK PARFAN



Making Gospel-Centered Disciples

© Copyright 2022 by Derick Parfan, All rights reserved.

All Scripture quotations, unless otherwise indicated are from the Holy Bible, English Standard Version® (ESV®). Copyright © 2001 by Crossway, a publishing ministry of Good News Publishers.

Published by Treasuring Christ PH
www.TreasuringChristPH.org

Contents

Introduction: A Call to Discipleship	1
Chapter 1 - A Disciple is a Learner	5
Chapter 2 - A Disciple is a Worshipper	15
Chapter 3 - A Disciple is a Family Member	29
Chapter 4 - A Disciple is a Servant.....	43
Chapter 5 - A Disciple is a Missionary.....	57
Chapter 6 - A Disciple is a Disciplemaker.....	71
Bibliography	85

Introduction: A Call to Discipleship

Bawat isang Cristiano ay isang disipulo ni Cristo. Ang utos ni Jesus na tinatawag nating *Great Commission* ay “make disciples of all nations” (Matthew 28:19). Ito ay hindi lang para sa iilan, kundi para sa lahat.

Sa John 15:16, sinabi ni Jesus ang layunin kung bakit niya tayo (tayong lahat!) pinili at hinirang: “Hindi kayo ang pumili sa akin kundi ako ang pumili sa inyo, para humayo kayo at *mamunga* ng mga bungang mananatili” (ASD). Ang buhay Cristiano ay buhay na merong bunga. Anong bunga? Lumalago tayo bilang mga disciples ng Panginoong Jesus at inaaakay din natin ang iba para maging disciples.

Kaya nga ang mission statement ng Baliwag Bible Christian Church ay ito: “We glorify God by building local and global GraceCommunities of *disciples of Jesus who make disciples of Jesus*.”

Ang problema kasi ngayon, maraming Christians, akala nila kapag pinag-uusapan ang discipleship para bang ito ay higher class ng pagiging Christian. Na para lang ito sa iilan. Ang iba feeling nila, tinawag sila para maging ordinaryo lang, basta tumanggap daw kay Jesus, mapupunta sa langit, nabaptize, nagsisimba, ayos na.

Ang mga tagasunod ni Jesus ay unang tinawag na *Christian* sa Antioch (Acts 11:26). Katunayan, bukod dito, dalawang beses lang ginamit ang salitang *Christian* sa New Testament (Acts 26:28; 1 Pet. 4:16). Bago ito, ang tawag sa kanila ay “disciples” o Jesus-followers (kahulugan ng karamihan sa 252 verses sa Gospels and Acts).

The call to discipleship is a call to follow Jesus. Para ito sa lahat. For non-Christians (para magsimulang sumunod kay Jesus) and for Christians (para magpatuloy sa pagsunod kay Jesus). Hindi ito optional. It's either you accept the invitation or reject it.

Following Jesus

Minsan may lumapit kay Jesus, lalaking mayaman. Sinabihan niyang ibenta lahat ng ari-arian at ipamigay sa mahihirap. Tapos dugtong n'ya, "Then come, follow me" (Matt. 19:21). Or, be my disciple. May karapatan ba si Jesus na sabihin iyon? Yes! He is Lord of all. Siya ang lumikha sa atin, namamahala sa buhay natin, at ang buhay natin (kasama ang kayamanan) natin ay sa kanya at para sa kanya.

Si Jesus rin ang nagbigay ng kanyang buhay para sa atin, para bayaran ang mga kasalanan natin. Siya ang muling nabuhay para bigyan tayo ng tagumpay sa kasalanan at sa kamatayan. Siya ngayon ang nasa kanang kamay ng Diyos sa langit at patuloy na namamagitan para sa atin. At balang araw, makakasama natin siya. He is the Treasure who is greater than all the treasures of this world. He is our Joy who is greater than all the pleasures of this world.

Pero nang marinig ng lalaking mayaman ang sinabi ni Jesus, nalungkot siya, hindi niya mabitawan ang kayamanan niya (v. 22). Ang talikuran ang sarili natin, ang kasalanan natin, ang lahat-lahat sa atin, alang-alang sa pagsunod kay Jesus ay imposible sa tao. Pero walang imposible sa Diyos. Ang kaligtasan natin ay nakasalalay sa biyaya at kapangyarihan ng Diyos. Di tulad ng lalaking mayaman, tayo ngayon, tulad nina Pedro noon, na nagsabi kay Jesus, "See, we have left everything and followed you" (v. 27). Nakita

natin kung sino siya. Kumilos ang Espiritu sa puso natin para makita natin kung sino si Jesus para sa atin.

At kung hanggang ngayon hindi ka pa sumusunod kay Jesus, nakikiusap ako sa iyo, magsimula ka nang sumunod sa kanya. Magsisi ka, magtiwala ka sa kanya. At kung isa ka nang tagasunod ni Jesus, magpatuloy ka, pagtibayin mo pa ang pananampalataya mo sa kanya, higpitan mo pa ang commitment mo sa pagsunod sa kanya. Ito ang prayer ko para sa iyo. Para ito sa lahat sa atin. Lalung lalo na, para ito sa karangalan ng Diyos. “Napaparangalan ang aking Ama kung namumunga kayo nang sagana, at sa ganitong paraan ay naipapakita ninyo na mga tagasunod ko kayo” (John 15:8 ASD).

What is a disciple?

Everything we are doing, trying to do, and must do in our church is about disciple-making. We are not just trying to make converts, na pagkatapos mabaptize, ayos na. Kasali iyon. Pero ang misyon natin ay higit pa doon. Our mission is to make disciples of all nations. At kung ‘yan ang nag-iisang misyon natin, mainam na alam natin ang ibig sabihin nito.

Tingnan natin ang definition nito ayon sa unang pagtawag ni Jesus sa kanyang mga magiging disciples.

As Jesus was walking beside the Sea of Galilee, he saw two brothers, Simon called Peter and his brother Andrew.

They were casting a net into the lake, for they were fishermen. “Come, follow me,” Jesus said, “and I will make you fishers of men.” At once they left their nets and followed him (Matt. 4:18-20 NIV).

Ang pagiging disciple ay hindi one-time decision. Ito ay habang buhay na paglalakbay. Heto ang definition ni Jim Putman (*Real-Life Discipleship*) batay sa sinabi ni Jesus na, “Come, follow me and I will make you fishers of men”: A disciple is following Jesus (“Come, follow me...”), being changed by Jesus (“...and I will make you...”), and committed to the mission of Jesus (“...fishers of men.”). Ang isang disciple ay *sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus, at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus*. We’ll explore this definition as we go along. At kaugnay nito, titingnan natin ang anim na bahagi ng identity ng isang disciple. A disciple is a...

- *Learner*. Kung ang isang disciple ay *sumusunod kay Jesus*, dapat kilala natin siya, alam natin kung ano ang sinasabi niya, at sinusunod natin ang mga utos niya. Ito ang focus ng chapter 1.
- *Worshiper and family member*. Kung ang isang disciple ay *binabago ni Jesus*, mas lumalalim ang love relationship natin sa Diyos bilang *worshiper* at sa isa’t isa bilang *family member*. Ito naman ang tatalakayin natin sa chapters 2-3.
- *Servant, missionary, disciple-maker*. Kung ang isang disciple ay *ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus*, ibinabahagi din natin ang pag-ibig ng Diyos sa salita at sa gawa bilang *servant*, nakikibahagi tayo sa pag-abot sa mga unreached people groups (o mga lahing di pa mga tagasunod ni Jesus) bilang *missionary*, at tinutulungan natin ang iba para magtiwala at sumunod kay Jesus bilang *disciple-maker*. Ito naman ang mapag-aaralan natin sa chapters 4-6.

1

A Disciple is a Learner

Unahin natin ang identity ng isang disciple ni Jesus bilang isang *learner*. Ito naman ang literal na kahulugan ng “disciple” na galing sa Greek word na *mathetes*. Ibig sabihin, learner o student. Merong guro, walang iba kundi si Jesus. Para tayong enrolled sa eskuwelahan ni Jesus. Pero ‘wag natin itong iisipin na tulad ng mga schools natin ngayon. Na marami kang teachers, maraming subjects, pwedeng pumasok, pwedeng hindi, pwedeng makagraduate na wala namang natutunan, wala namang nagbago sa buhay, wala namang relasyon sa guro.

Malayung-malayo ang eskuwelahan natin ngayon sa eskuwelahang pinasukan natin nang tayo’y maging mga disciples ng Panginoon. It means allegiance, devotion, and commitment to one Teacher.

Ang Labindalawang apostol, at iba pa, ay tinawag niya para sumunod sa kanya, sumama sa kanya, makinig sa kanya, magkaroon ng relasyon sa kanya, masanay sa paglilingkod, at maging katulad niya. Siya lang, wala nang iba. Iyan ang devotion ng isang disciple. Walang ibang pinakikinggan, walang ibang sinusunod, walang ibang ginagaya. Ilan lang ito sa larawang ginamit para sa relasyon natin sa kanya:

- *Teacher-student (rabbi-apprentice)*: “Ngunit kayo, huwag kayong patawag na ‘guro,’ sapagkat iisa ang inyong Guro at kayong lahat ay magkakapatid...Huwag

kayong patawag na tagapagturo, sapagkat iisa ang inyong tagapagturo, ang Cristo” (Matt. 23:8, 10 MBB).

- *Master-slave (Lord-follower)*. “Walang aliping nakakahigit kaysa sa kanyang panginoon” (John 15:20 MBB).
- *Shepherd-sheep*. “...siya’y nangunguna sa kanila at sumusunod naman ang mga ito sapagkat kilala nila ang kanyang tinig. Hindi sila sumusunod sa iba, kundi patakbong lumalayo, sapagkat hindi nila kilala ang tinig ng iba” (John 10:4-5 MBB).
- *Vine-branches*. “Ako nga ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo’y hiwalay sa akin” (John 15:5 MBB).

Ang mga iyan ay paglalarawan ng malapit na relasyon na dapat ay meron tayo kay Jesus. Huwag mong isiping dahil nakikinig ka ng sermon, umaattend ka ng Bible Study, o nag-aaral ka sa theology school, lumalago ka na bilang isang disciple. The life of a learner is primarily a life of a close, intimate relationship with Jesus. Meron ka bang ganyang relasyon kay Jesus? Nararamdaman mo ba iyan? Naririnig mo ba siya? Kinakausap mo ba siya?

The Bible and the Holy Spirit

The life of a disciple is the life of a learner. Oo nga’t di na natin kasama si Jesus physically tulad ng mga una niyang disciples. Pero iniwan niya sa atin ang Bibliya para magturo sa atin. This is the Word of God. This is the Word of Jesus.

The Bible is necessary for discipleship. Hindi lalago ang relasyon mo kay Jesus kung babalewalain mo ang Bibliya.

All Scripture is breathed out by God and profitable for teaching, for reproof, for correction, and for training in righteousness (that is, for disciple-making), that the man of God (the disciple and disciple-maker) may be competent, equipped for every good work (2 Tim. 3:16-17).

Para sa atin na nagdidisciple ng iba, salita ng Diyos ang gamit natin (“Preach the Word,” 4:2). Para sa ating lahat, dapat para tayong mga sanggol na naghahanap ng gatas at ito ang salita ng Diyos, ayon kay Pedro (1 Pet. 2:2), “upang lumago kayo sa pananampalataya hanggang makamtan ninyo ang ganap na kaligtasan” (1 Pet. 2:2). Nandoon ba ang longing mo sa salita ng Diyos? Exciting ba ang pagbabasa mo ng Bibliya o boring?

Para naman sa iba, sinubukan nilang magbasa, pero nagiging frustrating kasi maraming hindi naiintindihan. “Bakit si pastor, naiintindihan niya, naipapaliwanag niyang mabuti? Bakit kapag ako na ang nagbasa, parang walang pumapasok sa isip ko?” Tandaan mo, hindi lang Bible ang bigay sa atin ng Diyos. Pati ang Holy Spirit, nasa atin. Na siyang ipinangako ni Jesus na “Espiritu ng katotohanan...magpapatotoo siya tungkol sa akin” (John 15:26 MBB). Ito ang Espiritung nagpapahayag sa atin mula sa Bibliya kung gaano kalalim ang pag-ibig ng Diyos sa atin para maunawaan natin ito (1 Cor. 2:10, 12).

Nagiging frustrating kung umaasa ka sa sarili mo sa pagbabasa mo. Nagiging boring, kung babasahin mo lang, at hindi malinaw ang purpose o motivation mo. Nagbabasa lang

ang iba para makabasa lang, para masabing nagbasa, o para makapaghanda ng ituturo. Pero kung babasahin natin bilang isang disciple, para mas makilala si Jesus, mas mapalapit sa kanya, as a learner, magiging exciting.

Ano ba ang ginagawa ng isang “learner”?

1. Learning by listening to Jesus

Bago tayo makasunod kay Jesus kailangan nating makinig sa sinasabi niya. Nagsasalita si Jesus hanggang ngayon. At maririnig mo siya kung ikaw ay isa sa mga tupa. “My sheep hear my voice, and I know them, and they follow me” (John 10:27). Kung disciple ka, nakikinig ka. Mainam kung umaattend ka sa worship service ng church at nakikinig ng sermon ng pastor. Mainam yun kasi kailangan naman talaga natin ng ganitong focused time with God, listening to his Word. Kaso, akala ng marami, ang pakikinig sa Salita ng Dios ay sa church lang. No! Bilang disciples, we listen to Jesus everyday.

Pero ano’ng problema? Sobrang ingay kasi ng paligid natin. Ang daming nagsasalita, sa TV, sa radio, sa Internet, sa kuwentuhan ng barkada. Ang dami nating naririnig. Sobrang busy, walang panahong mailaan sa pagbabasa ng Bibliya. Kung wala kang 30 minutes o one hour a day na magbasa ng Bibliya, ibig sabihin sobra kang busy. Ayusin mo ang schedule mo. Humanap ka ng ibang trabaho. Magbawas ka sa Facebook mo. Be like Mary. Na nakaupo sa paanan ni Jesus at nakikinig sa itinuturo niya. Di tulad ni Martha na kanyang kapatid na abalang-abala sa paghahanda at wala nang panahong makinig kay Jesus (Luke 10:39-40).

So, *read the Bible devotionally*. Iyon bang hindi ka nagmamadali. Iyon bang parang nakikipag-date ka, gusto

mong lalong ma-in-love sa kanya. Iyon bang tinatanong mo siya, “Lord, anong gusto mong sabihin sa akin ngayon?”

2. Learning by believing in Jesus

Sa panahon ni Jesus, maraming nakikinig sa itinuturo niya. Hangang-hanga pa. Pumapalampak. Mga fans kumbaga. Pero hindi naman lahat sa kanila naniniwala sa kanya. The problem of the human heart is unbelief. Sumuway sina Adan at Eba sa Diyos dahil di sila naniniwala sa kabutihan ng Diyos. Sumuway ang Israel sa Diyos dahil hindi sila naniniwalang sapat ang Diyos. Narinig ni Adan ang utos ng Diyos. Ibinigay sa Israel ang mga utos ng Diyos. Narinig nila, pero di sila naniwala. We are not just listeners of Jesus, we are believers. Sabi ni Jesus, “Believe in God, believe also in me” (John 14:1).

Minsan, may nagtext sa akin na nanalo daw ako ng 560,000 pesos mula sa Philippine Charity Office. Wow! Pero hindi ako thrilled nang mabasa ko iyon. Kasi hindi ako naniniwala, kasi kung binabasa ko ang Bible mas naniniwala ako sa sinasabi ni Jesus na I already have everything I need. At sangkaterba pang kayamanan ang nakalaang ibigay sa akin ng Diyos balang araw.

Kaya kapag nagbabasa ka ng Bible, make it a goal na mas lumalim pa ang tiwala mo sa Diyos. Na sasabihin mo sa Diyos, “I believe, help my unbelief” (Mark 9:24). Para mangyari iyon, we must read the Bible as God’s Story – from Creation (Gen. 1-2) to Rebellion (Gen. 3-11) to Rescue (Gen. 12 to Rev. 20) to New Creation (Rev. 21-22). You live inside that Story. Ipinapakilala ng Diyos ang sarili niya sa iyo. Gusto rin niyang makita mo kung ano ang dapat mong ihingi ng tawad sa kanya. At maalala mo at magtiwala ka sa ginawa ni

Jesus para sa iyo at sa mga pangako niyang panghahawakan mo hanggang malubos ang pagliligtas ng Diyos sa iyo.

Tuwing magbabasa ka ng Bible, kahit anong bahagi nito, Old Testament man o New Testament, puwede mong itanong ang ganito:

- *Know God*: Paano ipinapakilala ng Diyos ang kanyang sarili sa nabasa mo?
- *Know Self*: Paano mo nakikita sa nabasa mo ang mga kasalanang dapat mong ihingi ng tawad sa Dios?
- *Remember the Gospel*: Sa nabasa mo, paano ito nagpapaalala o nagtuturo kung sino si Jesus at ano ang ginawa niya para sa iyo?
- *Pray for Heart Transformation*: Bilang tugon sa binasa mo, ano ang dapat mong hilinging baguhin ng Espiritu sa puso mo? Anu-anong hakbang ang gagawin mo para makasunod sa utos o kalooban ng Dios?

3. Learning by obeying Jesus

We are not just listeners. We are not just believers. We are followers. Kaya nga sinabi ni Jesus sa Great Commission (Matt. 28:19) na sa proseso ng disciple-making, hindi lang basta mabaptize sila kundi maturuan din. Hindi lang maturuan ng mga utos ni Jesus, kundi turuang sumunod sa lahat ng iniuutos niya: “teaching them *to obey* everything I have commanded you.” The goal is not just knowledge, but obedience.

Kung nagbabasa ka lang o nakikinig ka lang, tapos di mo naman isinasabuhay, parang nakikipaglokohan ka lang.

“Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito’y pinapakinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili” (Jas. 1:22 MBB). Siyempre nagugustuhan ko kapag may lalapit sa akin at sasabihing nables sila sa sermon ko. Pero sa halip na sabihin ko, “Salamat,” dapat pala ang tanong ko, “Susundin mo ba ang sinasabi ng Diyos?”

Hindi tayo dapat makilala lang ng ibang tao sa paniniwala nating iba sa kanila. Dapat makilalang iba tayo sa pamamagitan ng pagsunod natin.

Gayundin naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa... Ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang walang kasamang gawa, at ipapakita ko naman sa iyo ang aking pananampalataya sa pamamagitan ng aking mga gawa. Sumasampalataya ka na ang Diyos ay iisa, hindi ba? Mabuti iyan! Ang mga demonyo man ay sumasampalataya rin, at nanginginig pa (Jas. 2:17-19 MBB).

Merong ba namang tagasunod ni Jesus na hindi sumusunod sa kanya? O baka naman daig pa tayo ng mga demonyo?

So, when you read the Bible, don't just read. *Read it obediently and prayerfully.* Iyon bang nagtatanong ka sa Diyos, “Lord, ano ang gusto mong sundin ko dito? Ano ang ipinapagawa mo sa akin? Gusto n’yo po bang patawarin ko ang asawa ko? Sige po. Gusto n’yo po bang magbigay pa ako nang mas marami sa misyon? Sige po. Gusto n’yo po bang magmisyon ako sa Middle East? Sige po.”

At kung may marinig ka mang sinasabi ni Jesus na feeling mo ay mahirap sundin (tulad ang iwan ang lahat para

sumunod sa ipinapagawa niya), pray for the help of the Spirit. Kaya, we need to read the Bible prayerfully. Kasi sa sarili natin hindi natin kaya. Pero dahil sa Espiritung nasa atin, walang imposible. Siya nga ang bumabago sa atin para maging katulad tayo ni Jesus (2 Cor. 3:18).

4. Learning by imitating Jesus

Sabi ni Francis Chan:

It's impossible to be a disciple or a follower of someone and not end up like that person. Jesus said, "A disciple is not above his teacher, but everyone when he is fully trained will be like his teacher" (Luke 6:40). That's the whole point of being a disciple of Jesus: we imitate Him, carry on His ministry, and become like Him in the process (*Multiply*, p. 16).

As we listen, believe and obey, we become like him in the process of discipleship. As we look to him more and more, we become like him more and more (2 Cor. 3:18). Tinatawag natin siyang Guro at Panginoon, ibig sabihin dapat natin siyang tularan. Sabi mismo ni Jesus, pagkatapos niyang hugasan ang paa ng mga tagasunod niya, "Tularan n'yo ang ginawa ko. Gayahin n'yo" (John 13:13-15). Iyon ang ibig sabihin ng "Christian" – we are like little christs.

So we *read the Bible for transformation*. Taong 2014 nang nauso ang *#makeuptransformation* sa social media. Kung saan nagpopost ng pictures ang mga tao at nilalagay ang mukha ng celebrity na kamukha daw nila. Siyempre nakakatawa ang resulta. Pero isa itong paalala sa atin na bawat isang tagasunod ni Jesus, ang layunin sa buhay ay maging katulad ni Jesus. We read the Bible, at humihingi ng tulong sa Diyos

para maging katulad tayo ni Jesus – in his humility, his servanthood, his love for the poor, his kindness and pure love for women, his generosity, his mercy.

Intentional learners

Sabi naman ni David Platt:

To follow Jesus is to believe Jesus, and in order to believe Jesus, we must listen to Jesus. The life of the disciple is the life of a learner. We constantly attune our ears to the words of our Master. As he teaches us through his Word, he transforms us in the world (*Follow Me*, p. 211).

Dapat may plano tayo dito. Dapat may hakbang tayong gagawin. Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong para sa sarili mo...

1. ***How will I read God's Word?*** Maaari kang magsimula sa pagbabasa ng isang chapter sa isang araw, o pwede kang gumamit ng isang Bible reading plan para matapos basahin ang buong Bibliya sa loob ng isa o dalawang taon. Meron ding mga Bible apps na may mga Bible reading plans tulad ng Olive Tree Bible Study app at YouVersion app.
2. ***How will I memorize God's Word?*** Habang nagbabasa ka, humanap ka ng isa o ilang mga talata na pagtutuunan ng pansin at pag-iisapang mabuti kung ano ang sinasabi ng Diyos sa iyo para maipamuhay. Pagkatapos, sikaping kabisaduhin ito. Pwede kang magsimula sa isang verse lang sa isang linggo, at dagdagan mo pa kung nasasanay ka nang magkabisas.

3. ***How will I learn God's Word from others?*** Ang pag-aaral ng Salita ng Diyos ay hindi lang self-study. Kailangan natin ng mga pastor, guro at ang bawat isa na tapat na ituturo ang Salita ng Diyos sa atin at tutulungan tayong sumunod dito. Mag-isip ka ng mga simple at tiyak na paraan para mas matutunan mo ang Salita ng Diyos sa iba. Ito man ay sa malakihang pagtitipon tulad ng worship service o sa isang small group na Bible study o sa mga pag-aaral o trainings na formal (Bible school and seminary) or informal (seminars or workshops).
4. ***How will I teach God's Word to others?*** Ang salita ng Diyos ay hindi lang for our own consumption. It is meant to be shared.

Tandaan, ginagawa natin ito not just for information, but for our transformation.

As believers in Jesus, we are followers of Jesus, which means that we not only hear the truth of Christ; we apply the truth of Christ. Our goal as disciples is never just to believe God's Word; our goal is to obey God's Word. So as you plan to fill your mind with truth, purpose to follow the one who is Truth (David Platt, p. 211).

2

A Disciple is a Worshipper

Kung regular church attender ka, may routine ka na kapag Sunday. Gumising ka nang maaga, nagbreakfast, naligo, gumayak, bumiyahe papunta sa church. Bago ka pumasok, nakipagkamay ka sa mga ushers at binati sila ng “Good morning.” Routine na iyan. Lagi mo namang ginagawa. Pagpasok mo, sumabay ka sa mga awit, pumalakpak, medyo umiindak pa. Nag-Amen ka sa prayer ng pastor. Nagbigay ka ng offering. Nakinig ka ng sermon. Pagkatapos, uuwi ka na, hihintayin mo na naman ang susunod na Linggo para sumamba.

Ibig sabihin ba nun ay sumasamba ka talaga? This is “Sunday Only” Christianity. Oo, attender ka, pero true worshiper ka ba? Kahit na nagpapakanta at tumutugtog ka, o kaya’y nagseserve sa worship service, ibig sabihin ba worshiper ka na?

Anong nangyayari sa Lunes hanggang Sabado? Di ba’t ang Linggo ay dapat overflow ng worship mo the rest of the week? At itong araw na ‘to ay magsisilbi ding “fuel” para mas mag-apoy ang puso mo sa pagsamba araw-araw. Kung mula Lunes, ni hindi ka naman nagpapasalamat sa Diyos, puro reklamo, masasamang salita ang lumalabas sa bibig mo, how can you sing from your heart? Kung adik na adik ka naman sa pera at sa materyal na bagay, how can you give as an act of

worship? Kung almost zero ang prayer life mo at Bible reading this week, paano ka naman makikipag-usap ngayon sa Diyos at makikinig sa sasabihin niya?

Pwedeng ang araw na ito ay routine lang sa inyo, pero sayang naman. Tulad ng marami sa panahon ni Jesus, relihiyoso nga, hindi naman true worshipers. “Iginagalang ako ng mga taong ito sa mga labi lang nila, ngunit malayo sa akin ang kanilang mga puso. Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin,” (Matt. 15:8-9 ASD; cf. Isa. 29:13). Kung puro sa nguso lang o pakitang-tao ang pagsamba, balewala din. Sabi ni John Piper (*Desiring God*), “Where feelings for God are dead, worship is dead.”

Ang dalangin ko para iyo, gaano man kalamig ang puso mo sa Diyos ngayon, mag-iinit, magliliyab; gaano man kalayo, lalapit ka at yayakap sa Diyos. That you will be a true worshiper. Kahit sa Samaritan woman, na kung sinu-sino nang lalaki ang kinakasama, kahit sexually immoral siya, gustong tawagin ni Jesus na maging disciple niya, na maging worshiper. Sabi ni Jesus sa kanya, at sa ating lahat,

But the hour is coming, and is now here, when the true worshipers will worship the Father in spirit and truth, for the Father is seeking such people to worship him. God is spirit, and those who worship him must worship in spirit and truth (John 4:23-24 ESV).

Totoong pagsamba, hindi panlabas lang, hindi pakitang tao lang, hindi iyong pagsamba na dahil sa may gustong makuha sa Diyos na bukod sa Diyos (tulad ng answered prayer). Sabi ni John Piper (*Desiring God*), “In the end the heart (of a true worshiper!) longs not for God’s good gifts but for God himself.” Ito ang pusong nagsasabing:

As a deer pants for flowing streams, so pants my soul for you, O God. My soul thirsts for God, for the living God. When shall I come and appear before God (Psa. 42:1-2)?

O God, you are my God; earnestly I seek you; my soul thirsts for you; my flesh faints for you, as in a dry and weary land where there is no water (Psa. 63:1).

A Disciple of Jesus is a worshipper of Jesus

Ito ang laman ng puso ng isang disciple. Ano ulit ang definition natin ng disciple? A disciple of Jesus is following Jesus, being changed by Jesus, and committed to the mission of Jesus. Sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus. Sa chapter 1, tiningnan natin ang identity ng isang disciple bilang isang learner: nakikinig kay Jesus, naniniwala kay Jesus, sumusunod kay Jesus at binabago para maging katulad ni Jesus. At kasama sa pagbabagong iyan ay ang pagbabago ng puso natin bilang isang worshiper. Hindi lang tayo attender sa worship service, worshiper tayo. At kung nagpapaawit ka sa worship service, hindi ka lang worship leader, lead worshiper ka.

Every follower of Jesus is a worshiper of Jesus. Nang ipanganak si Jesus, bata pa lang siya, dinalaw siya ng mga Mago mula sa silangan, “they fell down and *worshipped him*” (Matt. 2:11). Yumuko sa harapan niya, nagbigay-pugay, karangalang sa Diyos lang nararapat ibigay. Samakatuwid, si Jesus ay Diyos! At kung siya ay Diyos, siya ay dapat sambahin.

Kasama ni Jesus sa bangka ang mga disciples niya. Tapos bumagyo. Tapos pinatigil niya ang alon at ang hangin sa isang salita lang niya. “Then the disciples *worshipped him*. ‘You really are the Son of God!’ they exclaimed” (Matt. 14:33 NLT).

Pinagaling ni Jesus ang isang bulag, nagpakilala siya sa kanya at tinanong kung naniniwala siya. “He said, ‘Lord, I believe,’ and he *worshipped him*” (John 9:38).

Nabuhay na muli si Jesus. Pinuntahan siya sa libingan ng mga babaeng disciples niya. Nagpakita siya sa kanila. “They came up and took hold of his feet and *worshipped him*” (Matt. 28:9).

Bago niya ibigay ang Great Commission (“Go and make disciples...”), ano ang ginawa ng mga disciples niya? “And when they saw him they *worshipped him*” (Matt. 28:17).

Umakyat na siya sa langit. At nangakong babalik balang-araw. Ano’ng ginawa nila pagkatapos? “And they *worshipped him* and returned to Jerusalem with great joy” (Luke 24:52).

At sa mga huling araw, sa kanyang pagbabalik, mananatili tayong worshipers of Jesus, “And the four living beings said, ‘Amen!’ And the twenty-four elders fell down and *worshipped the Lamb* (Jesus!)” (Rev. 5:14 NLT).

We are worshipers of Jesus. Ibig sabihin, siya ang lahat-lahat sa atin. He is our greatest Joy. He is our highest Treasure. He is our all in all. Kaya sabi niya, “I am the vine; you are the branches...apart from me you can do nothing” (John 15:5). Pero dahil nakay Jesus tayo, magagawa natin ang dahilan o layunin ng pagkakalikha sa atin ng Diyos – to worship God!

Worship is the goal of God’s mercy

Paano nangyari ‘to? Paano tayo nagkaroon ng ganitong relasyon sa Diyos? We worship because of his mercy. Kaya sabi ni Pablo, “Therefore, I urge you, brothers and sisters, *in view of God’s mercy* (na inexpose niya sa naunang 11 chapters), to offer your bodies as a living sacrifice, holy and pleasing to

God – this is your true and proper worship” (Rom. 12:1 NIV).

Kapag sinabi ni Jesus na “worship in truth”, dapat tama ang dahilan o motivation bakit tayo sumasamba. Iniaalay natin sa Diyos ang pagsamba hindi dahil may kailangan siya sa atin. He doesn’t need anything from us! He doesn’t need our worship or our service! “He is not served by human hands, as if he needed anything. Rather, he himself gives everyone life and breath and everything else” (Acts 17:25 NIV). Tayo ang may kailangan sa kanya!

Sumasamba tayo hindi rin parang bribery o panunuhol para tumanaw siya ng utang na loob sa atin at matanggap natin ang awa niya sa mga hinihiling natin sa kanya. No! We worship because we already have received mercy! We worship in spirit, ibig sabihin, ang puso natin ay nag-uumpaw sa pagpupuri dahil sa awa ng Diyos. We worship out of the overflow of a heart touched by the mercy of God.

Your heart cannot be touched or moved by God’s mercy if you don’t know God’s Story.

- *Creation.* Nilikha tayo ng Diyos, binigyan ng buhay para ang buhay na ito ay ialay sa Diyos sa pagsamba. Iyon ang ibig sabihin nang tayo’y nilikha sa kanyang larawan. Na masaya at buong puso nating maibalik sa kanya ang karangalang nararapat lang sa kanya. Kaya ang greatest and first commandment ay, “Love the Lord your God with all your heart” (Deut. 6:5; Mat 22:37).
- *Rebellion.* Sa halip na sambahin natin siya, sinamba natin ang sarili natin. Sa halip na siya ang nasa sentro at nasa trono, gusto natin tayo ang bida. We

“exchanged the truth about God for a lie and *worshiped and served the creature rather than the Creator*” (Rom. 1:25).

- *Rescue*. Dumating si Jesus. Namatay sa krus para iligtas tayo sa ating false worship o idolatry. Dahil kay Jesus, we “turned to God from idols to serve the living and true God” (1 Thess. 1:9).
- *New Creation*. Sa pagbabalik ni Jesus, wala nang ibang diyus-diyosan na luluhuran. Ang Diyos – siya lang at wala nang iba – ang sasambahin at mamahalin natin.

The goal of God’s mercy, as revealed in God’s Story, is the worship of God. Ipinadala niya si Jesus, “in order that the Gentiles might *glorify God* (worship!) for his mercy” (Rom. 15:9).

At paano mo maaalala ang istoryang ito, paano ka makasasamba sa katotohanan, kung di mo naman araw-araw na binabasa ang Bibliya, ang salita ng Katotohanan? Kaya nga una nating pinag-usapan ang pagiging learner, ang kahalagahan ng Bibliya sa pagsunod natin sa Panginoon. The Word of God feeds and fuels a life of worship. Kung di mainit ang pagsamba mo, kasi di mo naman binubuhusan ng gaas ng Salita ng Diyos. Araw-araw exposed tayo sa mga fire extinguishers (tulad ng ka-busyhan, entertainment, atbp.) kaya kailangan din natin araw-araw ng fuel. To set our hearts on fire for God, we need the Word of God.

Worship is an expression of our new identity

At salita din ng Diyos ang magpapaalala sa atin kung sino ang Diyos na sinasamba natin. Iisa lang ang Diyos, wala nang iba. Worship is exclusive. “Hear, O Israel: The LORD our God,

the LORD is one” (Deut. 6:4). Isang Diyos, tatlong persona – Father, Son and Spirit. Sumasamba tayo sa kanya, dahil meron na tayong bagong relasyon sa kanya. Worship is an overflow of our new identity, our relationship with the Trinity. May relasyon na tayo kay Jesus. We worship him. He is the vine, we are the branches. Kung tayo ay nakay Jesus, we are also united with the Father and the Spirit.

God is our Father in heaven. We are his children. Sa pamamagitan ni Jesus, oo nga’t mapupunta tayo sa langit. Pero heaven is not the point. Going to the Father is. “I am the way, the truth and the life. No one comes to the Father (not just enter heaven!!!) except through me” (John 14:6). Kung tagasunod ka ni Jesus, ikaw ay anak ng Diyos. “But to all who did receive him, who believed in his name, he gave the right to become children of God” (John 1:12). At kung ikaw ay anak, puwede mo siyang tawaging, Ama. “And because you are sons, God has sent the Spirit of his Son into our hearts, crying, ‘Abba! Father’” (Gal. 4:6)!

Hindi ko alam kung anong klaseng relasyon n’yo sa tatay n’yo o anong relasyon meron kayo sa loob ng bahay n’yo. Anuman iyon, ang alam ko, we are at home with God our Father. Sa presensiya niya, may kapahingahan, may love, may security. Ang worship ay hindi trabaho, kundi kagalakan. Ang worship ay hindi kapaguran kundi kapahingahan. Minsan isang Sunday, tinanong ko ang isang bata, “Nasaan ang dad mo?” Sagot niya, “Nasa bahay po, nagpapahinga.” Ang tunay na pahinga ay hindi kapag nakahiga ang katawan natin, kundi kung tayo ay nakaluhod sa harapan ng Diyos at sumasamba sa kanya. Pagod na pagod tayo sa buhay, dahil we don’t make worship a priority.

We are in Christ, his Spirit is in us. Dahil kay Jesus, makakapasok na tayo sa presensiya ng Diyos. Hindi lang iyon, tayo pa ang ginawa niyang templo o tahanan! “Do you not know that you are God’s temple and that God’s Spirit dwells in you” (1 Cor. 3:16)? Let that sink in. Ang Diyos nakatira sa iyo. Doesn’t that make you tremble and worship God? Saan tayo dapat sumamba? Sa bahay-sambahan? Sa templo? Yes. But you are that temple. So, worship God with all that you are. With your eyes, with your hands, with your mind, with your feet.

Dahil kay Jesus, I am at home with God and God is at home with me. I worship in response to my new identity.

Worship breaks our heart’s idolatry

Kung ganito pala ang Diyos natin, kung ganito pala ang laki ng ginawa ng Diyos para sa atin, then why are we still so prone to idolatry? Hangga’t narito pa tayo sa mundo, patuloy tayong makikipaglaban sa mga idols of our heart. “Prone to wander, Lord, I feel it, Prone to leave the God I love; Here’s my heart, O take and seal it, Seal it for Thy courts above” (*Come, Thou Fount of Every Blessing*).

Ang Espiritu ng Diyos na nasa atin ang pagtupad niya sa ipinangako niya sa New Covenant na siya ring sisira sa natitira pang mga idols sa heart natin. “You will no longer worship idols...I will put my Spirit in you...” (Ezek. 36:25). Worship breaks our heart’s idolatry.

Ipinagpalit natin ang Diyos sa mga di tunay na diyos. This is foolishness.

Nangilabot ang buong kalangitan sa ginawa nila; at nayanig ito sa laki ng pagkagulat. Ako, ang Panginoon, ang

nagsasabi nito. Gumawa ang mga mamamayan ko ng dalawang kasalanan: Itinakwil nila ako, ang bukal na nagbibigay-buhay, at sumamba sila sa ibang mga dios, na para bang naghukay sila ng lalagyan ng tubig na natutuyo (Jer. 2:12-13 ASD).

Anu-anong “lalagyan” (ESV “cisterns”) iyan na pinagkukuhanan natin ng tubig, na akala nati’y makapagbibigay ng ating mga kailangan? May trinity din ang mga idols natin:

- **Wordly pleasures.** Hinahanap natin ang enjoyment natin sa pagkain, sa entertainment sa TV o sa Internet, sa sex at relationships sa ibang tao. Hindi masama ang mga bagay na iyan, pero kung pinahahalagahan natin nang higit sa Diyos at nagiging dahilan ng pagsuway at paglayo natin sa Diyos, mga idols iyan. Sex, entertainment, food. Anong solusyon? Paniwalaan nating hindi sapat ang mga bagay sa mundo, gaano man ka-thrilling, para magbigay ng kasiyahan sa atin. Na sa Diyos lang tayo lalapit sa kauhawan natin at sasabihin nating, “Aaahhh!” “In his right hand are pleasures forever more. You make known to me the path of life; in your presence there is fullness of joy; at your right hand are pleasures forevermore” (Psa. 16:11). God is our Joy!
- **Wordly possessions.** Akala natin na ang saysay ng buhay ay nakasalalay kung marami tayong mga bagay dito sa mundo – maraming pera, mataas ang napag-aralan, maganda, bago at mamahalin ang gadgets. Di ba’t nakay Jesus na tayo? Ibig sabihin, lahat ng sa kanya ay sa atin din. Lahat ng pagpapalang espirituwal

sa kalangitan ay para sa atin (Eph. 1:3). “So let no one boast in men (or worship riches or material things). For all things are yours, whether Paul or Apollos or Cephas or the world or life or death or the present or the future – all are yours, and you are Christ’s, and Christ is God’s” (1 Cor. 3:21-23). Jesus is our Treasure!

- **Wordly power.** Akala din natin, mas secured tayo, mas significant tayo kapag mas mataas ang posisyon natin sa trabaho, mas influential tayo, mas mataas ang posisyon sa ministry o mas maraming taong nadadala sa Panginoon. Our work, our strength, our ministry ay nagiging idols din. Dapat marealize natin na sa sarili natin wala tayong magagawa. “Apart from me, you can do nothing,” sabi ng Panginoong Jesus (John 15:5). Pero dahil nasa atin ang Espiritu, nasa atin ang kapangyarihan (Acts 1:8; 1 Cor. 2:4; Eph. 3:16; 1 Thess 1:5) na kailangan natin para matupad ang nais ng Diyos sa atin, ang magbunga, ang mas maging fruitful ang buhay natin.

Set your heart on fire

We are worshipers of Jesus. We worship because this is the goal of God’s mercy. We worship as an overflow of our new identity in Christ. We worship and destroy all the remaining idols in our heart. Hindi “gawain” ang pinag-uusapan dito, kundi ang puso natin. “Above all else, guard your heart, for everything you do flows from it” (Pro. 4:23 NIV). Hindi lang basta babantayan, kundi bubuhusan ng gaas hanggang magliyab ang puso natin sa pagsamba sa Diyos. Hangga’t ang

mga tao sa paligid natin – sa bahay, sa iglesia, at kahit saan tayo naroroon – ay mapaso din at magliyab din sa apoy ng puso natin sa pagsamba sa Diyos. Tanungin mo ang sarili mo...

1. ***How will I worship?*** Dapat intentional ka. Hindi lang ito going through the motions. Anu-anong paraan ang gagawin mo para makatiyak na naka-focus ka sa pagsamba sa lahat ng bahagi ng buhay mo? Ang Diyos ang nasa sentro, ang Diyos ang napararangalan sa lahat (1 Cor. 10:31). Paano mo gagawing prayoridad ang lingguhang pagsamba kasama ang church family mo? Paano ka sasamba, bukod sa araw ng Linggo, kasama ang iba (GraceCommunity, Prayer Meeting, family worship, atbp.)?
2. ***How will I pray?*** Ang panalangin ang sisira sa idol mo na “worldly o self-power.” Sa panalangin, sinasabi mo sa Diyos, ikaw lang ang kailangan ko. Anong oras ang ilalaan mo sa pansarili mong pagsamba (Quiet Time) araw-araw para makipagtagpo sa Diyos na iyong Ama? Saan mo ito gagawin? Maghanap ng lugar at oras na makakapagconcentrate ka at walang iistorbo. Subukang gamitin ang Bible reading at prayer guide na galing sa church. Once in a while, go on a retreat. Lumayo ka. Sobrang busy? Mas kailangan mo ‘to.
3. ***How will I fast?*** Ito ang disiplinang kailangan natin para masira ang idol natin na “worldly pleasures.” Honestly, kailangan ko pa ring matutunan ‘to. Minsan sa isang linggo o minsan sa loob ng ilang linggo, sa halip na kumain ng almusal, tanghalian o hapunan,

ilaan ang oras na iyon sa panalangin at pagbabasa ng Salita ng Diyos. Kapag nasanay ka na sa fasting, magplano naman ng pagpapaliban ng dalawang meals sa maghapon o hindi pagkain sa loob ng 24 oras. Kung may nakaschedule na Day of Prayer and Fasting ang church, sikaping makilahok dito. Bukod sa pagkain, pwede ring mag-fasting ng TV, Facebook, atbp. Kung di mo maiwan ang mga bagay na ito, malalaman mo kung ano ang “idol” mo.

4. ***How will I give?*** Giving is an act of worship. Kasi ipinapakita natin na ang puso natin ay hindi na nakatali sa mga kayamanan sa mundong ito (worldy possessions). Isa sa pinakamabisang paraan para mas uminit ang pag-ibig natin sa Diyos ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga resources na ibinigay sa atin ng Diyos bilang pagsunod sa kanya. Nagsisimula ito sa pagbibigay sa church, at iminumungkahing magsimula sa 10% ng kinikita at tinatanggap, o mas mataas pa. Habang mas lumalaki ang pagpapala ng Diyos, planuhin ding dagdagan at matutong magbigay nang sagana, may pagsasakripisyo, at masaya. Habang umiinit ang pag-ibig natin sa Diyos, lumalamig naman ang hangarin natin sa mga bagay sa mundong ito.

Ilan lang ito sa mga basic disciplines na dapat sanayin natin ang sarili natin. Ang layunin, hindi lang magawa ang mga ito. You can do this without worshipping! Pero para matuto ang puso natin na sumamba sa Diyos. Na habang ginagawa natin ang mga ito, lalong nasasabik ang puso natin sa Diyos at sinasabi nating:

Whom have I in heaven but you? And there is nothing on earth that I desire besides you. My flesh and my heart may fail, but God is the strength of my heart and my portion forever (Psa. 73:25-26).

One thing have I asked of the LORD, that will I seek after: that I may dwell in the house of the LORD all the days of my life, to gaze upon the beauty of the LORD and to inquire in his temple (Psa. 27:4).

3

A Disciple is a Family Member

What you think of the church matters. Kung ano ang tingin mo sa church, nakasalalay dun kung anong role ang gagampanan mo.

Kung ang tingin mo sa church ay parang theater o sinehan, ang role mo ay taganood lang o spectator. Habang ang mga nasa harapan ay mga performers. Dapat galingan nila para mapalakpakan o masabihan ng, “Good job!” Then, babalik ka na lang sa susunod na event, kung magustuhan mo. Kung hindi naman, wag na lang.

Kung shopping mall naman o parang SM ang tingin mo sa church, ang role mo ay consumer. Pipili ka kung ano ang magustuhan mong events o programs. Iniisip mo kung ano ang magagawa sa iyo ng church o ano ang maibibigay sa iyo. Sa halip na kung ano ang magagawa mo o maitutulong mo. Kung sawa ka na sa church, lilipat ka na sa iba, kung saan mas maganda. Kaya maraming church hoppers. Nagiging bisyo na yan.

Kung ang church ay recreational place o park na may playground, visitor ka lang o kaya ay turista, o sinasamahan lang ang anak mo para umattend ng Sunday School.

Kung ang church naman ay parang dormitory o lugar para pahingahan, para kang “boarder.” Trabaho buong linggo, tapos pupunta sa church para makapahinga, pampawala ng stress kumbaga.

Sa iba naman, ang church ay parang hospital o heart center. Kapag feeling nila hindi sila OK, o kaya ay lonely, o may sakit sa puso (spiritually speaking), punta sila sa church.

Ang iba naman, kabaligtaran nito. Tingin nila sa church ay lugar para sa mga “holy people” o mga santo at mga santa. Kapag hindi sila OK, hindi sila pupunta sa church. Kasi feeling nila out of place sila, kasi puro nakangiti, masasaya, at walang problema ang mga tao sa church. Hihintayin na lang nilang maging OK sila bago magpakita.

Karamihan sa ganitong pagtingin sa church ay may kinalaman sa pagtingin sa church na isang gusali o isang lugar. Kaya maraming Christian, akala nila sila ay “church-goers.”

Akala. Pero maling akala.

The church as God’s family

Ang ganitong kaisipan ay malayung-malayo sa biblikal na picture ng isang church. Sa 74 beses na binanggit ang salitang “church” o “iglesia” sa New Testament, ni minsan ay hindi ito tumukoy sa isang lugar. Kundi sa grupo ng mga taong mga tagasunod ni Jesus. Minsan tumutukoy ito sa “universal church” o sa pangkalahatang grupo ng mga taong kumikilala kay Jesus sa buong mundo sa lahat ng panahon. Pero kadalasan, tumutukoy ito sa isang church na nasa isang lugar, o local church.

Oo nga’t may larawan sa New Testament na tumutukoy sa church na “temple” (“You are God’s temple...”, 1 Cor. 3:16) at “building” (“You are...God’s building,” 1 Cor. 3:9), pero hindi ang lugar o ang gusali ang tinutukoy nito kundi tayong mga tao (“You are...”).

Mas malinaw na makikita ito sa larawan na ginamit sa church bilang isang pamilya. Ibig sabihin, ang Diyos ang Ama, si Jesus ang “Elder Brother” o “Kuya” at tayong lahat na mga tagasunod niya o disciples niya ay magkakapatid, brothers and sisters. Tingnan n’yo ‘to:

At ako’y magiging Ama ninyo, at kayo nama’y magiging mga anak ko (2 Cor. 6:18 ASD).

Sabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, “Ito ang aking ina at mga kapatid. Sapagkat ang sinumang sumusunod sa kalooban ng Ama sa langit ang siya kong ina at mga kapatid” (Mat. 12:49-50).

Kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi mga kababayan ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Dios (Eph. 2:19).

Kaya nga sa tuwing may pagkakataon, gumawa tayo ng kabutihan sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya (ESV, “of the household of faith”) (Gal. 6:10).

Every follower of Jesus is a family member, member of God’s spiritual family. This is not a matter of personal choice or preference. Hindi ito optional, ito ay isang divine calling. Ito ay pagsunod kay Jesus na ating Panginoon. Sa chapter 1, tiningnan natin ang tagasunod ni Jesus bilang isang *learner*. Nakikinig tayo sa kanya, sumusunod tayo sa kanya, pero hindi nag-iisa lang, kundi sama-sama bilang isang pamilya. Sa chapter 2 naman, tiningnan natin ang tagasunod ni Jesus bilang isang *worshiper*. Sumasamba tayo sa kanya kahit tayo’y nag-iisa, pero hindi pwedeng palaging nag-iisa lang. We

worship God together as his family. We don't live our lives in isolation. We share our life together as a local church.

Hindi ito para lang sa iilan, ito ay para sa lahat ng tagasunod ni Jesus. Sabi ni Greg Ogden (*Transforming Discipleship*, 32): “To be a follower of Jesus is to understand that there is no such thing as solo discipleship.” Sabi naman ni Francis Chan,

“While every individual needs to obey Jesus’ call to follow, we cannot follow Jesus as individuals. The proper context for every disciple maker is the church. It is impossible to make disciples aside from the church of Jesus Christ” (*Multiply*, 51).

Kaya sinisikap natin na mamuhay bilang isang pamilya sa church, hindi kapag Sunday lang nagkikita. Kaya meron sa Baliwag Bible Christian Church ng mga tinatawag na *GraceCommunities*, para matutunan ng lahat ng members na ang church, kabilang ka doon, ay “*God’s family, being formed by God’s Story, and participating in God’s mission.*” Pamilya ng Diyos, binubuo ng Kuwento ng Diyos, at nakikibahagi sa misyon ng Diyos.

Ngayon, heto ang tanong na dapat mong sagutin, “Bakit mahalaga na tingnan natin ang church na God’s family, sa halip na sinehan, park, shopping mall, hospital, o building/place of worship?” At kaugnay nito, “Bakit mahalaga na tingnan mo ang sarili mo bilang tagasunod ni Jesus na isang family member?”

The church as reflective of God’s glory

Unang-una, dahil ang pagiging miyembro ng church bilang pamilya ng Diyos ay isang paraan para maipahayag natin ang

kaluwalhatian ng Diyos. God designed the church to be reflective of his glory. Hindi ba't nilikha tayo ng Diyos ayon sa kanyang larawan (Gen. 1:26-27)? Hindi lang isang tao – kundi dalawa agad sa simula, lalaki at babae. Bakit? Hindi kasi natin lubos na maipapahayag o maipapakita ang larawan ng Diyos nang nag-iisa. We reflect God's image in community, in relationships.

Bakit? Kasi 'yan ang nature ng Diyos natin. Isang Diyos, tatlong persona – Father, Son and Spirit. Merong community relationships sa Trinity. Sa bautismo ni Jesus, Matthew 3:16-17, bumukas ang langit, bumaba ang Espiritu ng Diyos sa kanya, at nagsalita ang Ama at sinabi, "This is my beloved Son, with whom I am well pleased." Kung ano ang relasyon nila ay siya ring dapat nating maging relasyon sa isa't isa.

Iyon ang ibig sabihin ng baptism, bilang initiation sa discipleship. Matthew 28:19, "baptizing them in the name of the Father and of the Son and of the Holy Spirit." Binabalewala mo ang bautismo kung nagsosolo ka lang sa pagsunod kay Jesus. The Father loves the Son. The Son loves us (Gal. 2:20). Kaya utos ni Jesus, "A new commandment I give to you, that you love one another: just as I have loved you, you also are to love one another" (John 13:34; also 15:12, 17; 1 John 3:11, 23; 4:7, 11, 12; 2 John 5).

Iyon ang ibig sabihin ng pagiging *family of God*. The Father loves his children. We love each other as brothers and sisters. Minsan nagkaroon ng retreat ang mga leaders ng church. Pagkatapos nito, isa sa mga leaders ang nagtext sa akin,

Good morning po, Pastor Derick. I praise God for our retreat and planning. I am blessed to be a part of the

BBCC family, the family of God. Salamat po sa inyong heart to serve, and damang-dama po namin yung love and joy from God that is flowing to us thru you. We are blessed na may nagpapastol po sa aming Ptr. Derick. God bless you po!

Grabe, sobrang encouraging sa 'kin ng text niya!

Lahat ng disciples ay family members. Lahat. Hindi pwedeng 20% lang ng church natin, o mga pastors at leaders lang ang nagpapakita ng pag-ibig na ito. "One another," ibig sabihin, lahat tayo. Lahat naman tayo ay family members. Pero bukod sa family of God, ang church din ay tinatawag na ***Body of Christ***.

Tayo'y isang katawan: "We who are many are one body" (1 Cor. 10:17).

Bawat isa sa atin ay miyembro nito o bahagi ng katawan: "Just as the body is one and has many members, and all the members of the body, though many, are one body, so it is with Christ" (1 Cor. 12:12); "You are the body of Christ and individually members of it" (1 Cor. 12:27); "We are members of [Christ's] body" (Eph. 5:30).

Bilang bahagi nito, meron tayong kanya-kanyang espirituwal na kaloob na dapat gamitin para sa isa't isa. Iba-iba ang tungkulin na ibinigay sa atin ng Diyos:

"For as in one body we have many members, and the members do not all have the same function, so we, though many, are one body in Christ, and individually members one of another" (Rom. 12:4-5).

Ang trabaho ng mga church leaders ay hindi para gawin lahat, kundi para sanayin ang lahat sa paglilingkod: "Equip

the saints for the work of ministry, for building up the body of Christ” (Eph. 4:12).

Ako bilang Leading Pastor ng church ay hindi ang Head of the Body. Si Cristo ang ulo: “Christ is the head of the church, his body, and is himself its Savior” (Eph. 5:23). Kapag ginagampanan ko ang bahagi ko, kapag ginagampanan mo ang bahagi mo, we honor Jesus as our Head, the Lord of this church.

Bukod sa Family of God at Body of Christ, meron pang isang larawan ang church. Tinatawag din tayong ***Bride of Christ***. Hindi lang ito para sa mga madre ng Katoliko, ito ay para sa buong church.

Ang pag-aasawa ay salamin ng relasyon ni Jesus sa iglesiya:

“Therefore a man shall leave his father and mother and hold fast to his wife, and the two shall become one flesh.” This mystery is profound, and I am saying that it refers to Christ and the church (Eph. 5:31-32).

Hindi pa nagaganap ang kasalang iyan, pero tiyak na na mangyayari: “Come, I will show you the Bride, the wife of the Lamb” (Rev. 21:9); “The marriage of the Lamb has come, and his Bride has made herself ready; It was granted her to clothe herself with fine linen, bright and pure” (Rev. 19:7-8).

Habang hinihintay natin iyon, meron tayong responsibilidad na panatilihin itong “fine linen, bright and pure.” Tulad ng pagnanais ni Pablo, “For I feel a divine jealousy for you, since I betrothed you to one husband, to present you as a pure virgin to Christ” (2 Cor. 11:12). Meron tayong lahat na responsibilidad para tiyakin na malinis

(purity) ang church at patuloy sa pagkakaisa (unity). At kapag ginagawa natin ang bahagi natin sa paghahanap ng accountability group tulad ng Fight Club, pagrerebuke sa mga nagkakasala, at pagtulong para maibalik sila sa magandang relasyon sa Diyos, we give honor and glory to our Husband Jesus.

Family of God. Body of Christ. Bride of Christ. Mga larawan ng church na nagpapaalala sa atin na lahat tayo ay may gampanin sa isa't isa at kung ginagampanan natin ay mabibigyan ng karangalan ang Diyos nating Ama at ang Panginoong Jesus na siyang ng Head and Husband of the Church.

Redemptive for us and for others through us

Ikalawa, nais ng Diyos na tingnan natin ang iglesya bilang isang pamilya at tayo'y mga miyembro nito na may ginagampanang kanya-kanyang bahagi para sa malubos ang ginagawa niyang pagliligtas sa ating lahat.

God meant the church to be redemptive. Oo nga't nasaktan tayo sa mga naging relasyon natin. Sa magulang natin. Sa kapatid natin. Sa asawa natin. Kaya ang iba takot na magkaroon ng mga close relationships. Ang iba umiiwas, ayaw makipagkilala sa iba, ayaw makipag-usap. Mas gugustuhin pa ang mga superficial relationships sa Facebook. But our deepest need is not to be liked and to like others but to be loved and to love others.

Tulad ng sabi ni Darrin Patrick, "We are hurt in relationships, we are healed in relationships." Ang iba ang dahilan, "Ang dami-dami ko pang isyu na dapat ayusin, ang dami-dami pang problema sa buhay ko, saka na lang ako

makikialam sa problema ng iba.” Kelan naman matatapos yan? Kapag patay ka na? Sabi nga ni Francis Chan,

If you wait until all of your own issues are gone before helping others, it will never happen. This is a trap that millions have fallen into, not realizing that our own sanctification happens as we minister to others (*Multiply*, p. 56).

Kaya na-encourage ako kapag may nababalitaan akong kasama sa church na kahit na nag-iistuggle pa siya sa depression at fear, nagdidisciple din siya ng iba. At habang ginagawa niya iyon, nilulubos ng Diyos ang pagbabago o transformation sa puso niya. Kasi ang transformation nangyayari kung matututo tayong magmahal ng iba. We will never be transformed if we will remain selfish at walang ibang iintindihin kundi ang sarili nating mga problema sa buhay.

Iniligtas tayo ng Diyos – tayo na mga rebelde at mga makasarili – para sumunod sa kanya. Hindi ba’t ito ang ibig sabihin ng disciple-making sa Matthew 28:20? “Teach these new disciples to obey all the commands I have given you” (NLT). All! Merong halos 60 verses sa NT ang naglalaman ng utos na gawin natin sa “isa’t isa” (“one another” commands). Hindi mo magagawa ang mga “isa’t isa” na yan kung mas gusto mo na nag-iisa, kung hindi ka maglalaan ng oras para makilala ang iba at makasama sila hindi lang tuwing Linggo.

Heto ang mga ilang specific na bagay para maipakita natin ang love for one another:

- Teach or “instruct one another” (Rom. 15:14; Col. 3:16). Meron ka bang tinuturuan na bagong disciple?

- “Show hospitality” (Rom. 12:13). “Offer hospitality to one another without grumbling.” (1 Peter 4:9). Kelan ka huling nang-imbata sa bahay mo?
- “...comfort one another, agree with one another, live in peace” (2 Cor 13:11). Meron bang kailangan ng comfort mo? Meron ka bang kailangang makasundo?
- “...Be at peace with each other” (Mark 9:50).
- “...encourage one another and build one another up (1 Thess. 5:11).
- “...welcome (or accept) one another” (Rom. 15:7).
- “...Be patient, bearing with one another in love” (Eph. 4:2). May pinagpapasensiyahan ka ba?
- “...through love serve one another” (Gal. 5:13); “As each has received a gift, use it to serve one another” (1Pe 4:10).
- “Be kind to one another, tenderhearted, forgiving one another, as God in Christ forgave you” (Eph. 4:32).
- “...confess your sins to one another and pray for one another” (Jas. 5:16).
- “Bear one another’s burdens, and so fulfill the law of Christ” (Gal. 6:2).
- “...let us do good to everyone, and especially to those who are of the household of faith” (Gal. 6:10).
- “...Clothe yourselves with humility toward one another...” (1 Pet. 5:5).
- “...Honor one another above yourselves” (Rom. 12:10).
- “Be devoted to one another in brotherly love...” (Rom. 12:10).

- “Live in harmony with one another...” (Rom. 12:16).

When we step outside of ourselves and begin bearing the burdens of the people around us, it is time-consuming, messy, and often confusing. But it is necessary. Helping people change is what discipleship is all about. As we help other Christians follow Jesus, we are going to run into the temptations, lies, and idols that hold them back. It will be difficult, but we know what Jesus has accomplished, and we know how this story will end. We have a part to play in God’s plan of redemption. It won’t always be fun, but we must be faithful to God’s calling (*Multiply*, p. 63).

Habang ginagampanan natin ang parte natin bilang miyembro ng pamilya ng Diyos, hindi lang tayo nakakatulong sa iba, pati tayo ay unti-unting nagiging katulad ng ating Panginoong Jesus.

And it is redemptive not just for us, but for the people around us.

We cannot fulfill our mission unless we serve one another in love, but living together in a tight-knit circle is not our ultimate goal. God has placed your church in the midst of a broader community so that He can spread His love, hope and healing into the lives of the people around you (*Multiply*, p. 66).

Ito ang intended result ni Jesus nang sabihin niyang, “Love one another”: “By this *all people will know that you are my disciples*, if you have love for one another” (John 13:35). Gusto ni Jesus na magkaisa tayo, para ano? Para makilala din nila si Jesus: “...so that *the world may know* that you sent me and loved them even as you loved me” (John 17:23).

Kapag magulo ang pamilya mo, di ka naman mag-iinvite ng kabarkada mo sa bahay. Pero kapag masaya, gusto mong maranasan din ng iba ang pamilya mo. Sasabihin mo sa iba, “Tara, bumisita ka sa amin. Makikita mo ang pamilyang hinahanap mo.”

Plan to be a member of God’s family who loves others

Ang church ay pamilya ng Diyos, ikaw miyembro nito. Gagampanan natin ang pagiging family member para sa karangalan ng Diyos (*reflect God’s glory*) at para sa ikabubuti o paglagong espirituwal ng bawat isa sa atin at para maakay din natin ang ibang tao patungo kay Jesus (*redemptive for us and others*).

Ang tanong ngayon, “Kung ako ay isang family member, paano ko maipapakita ang pag-ibig ng Diyos sa mga kapatid ko kay Cristo bilang miyembro ng isang local church?” Kung kabilang ka sa church at ito’y itinuturing mong pamilya, planuhin mo kung paano mo maipapakita sa mga kapatid mo ang pag-ibig ng Diyos at makikipagtulungan sa paglilingkod sa iba’t ibang ministeryo.

1. **Where?** Saang iglesia o church ka magpapa-miyembro at aktibong makikibahagi? Saang bahagi ng church o partikular na grupo o ministeryo ang sasalihan mo? Meron tayong iba’t ibang level ng family experience sa church at planuhin mo kung paano ka aktibong makikibahagi dito.
 - **Church Weekly Gathering.** Every Sunday, we meet for worship. Make it a priority na palagi kang

dadalo. Wag kang aabsent. You need this. Others need your presence.

- **GraceComm.** Kung wala ka pang kapamilya na GraceComm, lapit ka sa mga GraceComm leaders, kung saan ka malapit. Kung sa area mo ay walang existing, lumapit ka sa pastor at pag-usapan kung paano magsisimula ng panibagong grupo.
- **Fight Club.** This is more intimate. Brotherhood o sisterhood. Tatluhan lang. O apat, o lima. Usapang lalaki. Usapang babae. This is a safe place kung saan pwede mong sabihin lahat ng laman ng puso mo, kahit pa ang mga deepest at darkest secrets mo. Tulung-tulong kayo sa paglaban sa kasalanan at sa pagsunod sa Panginoon.

Bago ka magkaroon ng fight club, mainam na magpadisciple ka muna. Para ito sa bawat isa, lalo na ang mga bagong disciples. Ito ay para maakay nang mas personal at mas intentional ng isang tatayong parang magulang hanggang dumating ang araw na ikaw rin ay nagdidisciple na ng iba. Sa mga gusto nang magdisciple ng iba, go! Kung gusto mong may magdisciple sa iyo, ipagpray mong mabuti, at lumapit ka sa nakikita mong mature enough na makakatulong sa spiritual growth mo.

2. **What?** Habang pinagmamasdan mo ang mga nangyayari sa church o grupong kinabibilangan mo, pag-isipan mo kung anu-anong bagay ang magagawa mo para matulungan ang church o grupong iyon. Isipin mo ang mga tiyak at kongkretong bagay na

gagawin mo para maipakita ang pag-ibig ng Diyos sa ikalalago at ikatitibay ng kanyang Katawan, ang Iglesia. Paano mo sila mas makikilala? Paano ka makapaglalaan ng oras sa kanila? Sinong tao ang nasa puso mo ngayon na tulungan para iencourage? Para i-disciple? O tulungan financially? O bigyan ng counseling?

Ang church ay isang pamilya. Tulung-tulong dapat. Walang nag-iisa. Walang iwanan. Sama-sama tayo sa pagtupad ng misyong ibinigay sa atin ng Diyos.

4

A Disciple is a Servant

Noong 2014, may nabalitang isang Chinese woman ang namalagi nang isang linggo sa isang KFC restaurant na malapit sa kanyang bahay sa China. One week!? Bakit kaya? Katatapos lang daw kasi nilang mag-break ng kanyang boyfriend. Broken-hearted. Matinding lungkot. Dinaan sa fried chicken, na naging comfort food niya.

Ang church ay hindi parang fast food restaurant at ikaw ay isang customer na paglilingkuran 24/7. Oo, alam ko dumaraan ang ilan sa inyo sa matinding lungkot, depression, at brokenness. At narito ang church para tulungan kayo. Pero tandaan natin, kung ikaw ay tagasunod ni Jesus, you are a member of the body.

Hindi ka linta, na kakapit nang kakapit sa ibang mga kapatid kay Cristo para magbenefit ka sa sarili mo, tapos wala ka namang ibinibigay na tulong. Lalo namang hindi ka bulate sa tiyan o parasite, na kukuha ka ng kukuha ng sustansya sa church at hindi ka lang basta walang naitutulong, nakasasama pa. Hindi masama ang maghangad na mapaglingkuran at maalagaan. Pero kung ang focus ay “serve me, love me, feed me” at puro sariling interes na ang nangingibabaw, iyan ang problema.

Ang responsibilidad ng mga pastor at mga leaders ng church na kinabibilangan mo ay hindi lang pakainin at pagsilbihan ka habang buhay, kundi “para ihanda [kayo] sa paglilingkod...at para lumago at maging matatag [kayo] bilang katawan ni Cristo” (Eph. 4:12 ASD). Hindi lang kami,

hindi lang iilan ang magtatrabaho sa paglilingkod, kundi tayong lahat.

Ang buhay at ang lakas natin ay hindi sa church nanggagaling at hindi sa church natin dapat kuhanin, kundi kay Cristo. That's the point kaya sinabi niyang, "I am the vine; you are the branches" (John 15:5). Pare-pareho tayong mga sanga. Ang sustenance o nourishment na kailangan natin ay hindi nanggagaling sa pastor o sa ibang mature Christians, kundi kay Cristo. He is our Life!

He is the Head of the Body (Eph. 5:23; Col. 1:18; 2:19). "He holds the whole body together...and it grows as God nourishes it" (Col. 2:19 NLT). At dahil sa pag-aalaga sa atin ng Panginoon, inaalagaan din natin ang isa't isa. We don't just receive, we give. Inilagay tayo ni Jesus sa iglesia hindi lang upang paglingkuran, kundi upang maglingkod kagaya niya (Mark 10:45). "Bawat isa'y parte ng kanyang katawan" (1 Cor. 12:27 ASD), kaya gawin natin ang parte natin, para "makatulong...sa kapwa mananampalataya" (v. 7), para maipakita ang "pagmamalasakit sa isa't isa" (v. 25).

Tayo'y isang pamilya, tulad ng napag-aralan natin sa chapter 3. At bawat isa ay family member. Isa ka siguro sa maituturing na bagong miyembro ng pamilya. New disciples, ibig sabihin, parang baby pa (1 Cor. 3:1, "infants in Christ," ESV). Kailangang painumin ng gatas (Heb. 5:12), kailangang alalayan at turuang maglakad. But you will not remain a baby forever, na palaging papadedehin at bubuhatin. One day, hopefully sooner (wag naman sanang 15 years!), you will grow up and be a responsible adult.

Gusto ni Jesus na bawat isang tagasunod niya ay mamuhay bilang isang servant. Ang isang tagasunod ni Jesus ay siyang "*sumusunod kay Jesus* (a servant!), *binabago ni Jesus*

(para hindi na maging makasarili, kundi maglingkod sa iba), *at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus* (na hindi mangyayari hangga't wala kang servant-heart).

A disciple as a servant

Ano ba ang ibig sabihin na ang disciple ay isang servant? Hindi ito tulad ng isang waiter sa KFC na nagsisilbi sa isang customer, pinapasweldo ng may-ari, at pag tapos na ang kontrata ay tapos na ang trabaho. Hindi ito parang “waiter,” although kasama ang ganoong ideya (tulad ng pagiging “diakono” o tagapaglingkod). Merong isang salita sa Griyego na di natin makikita sa maraming English versions ng Bible (maliban sa HCSB). Ito ang salitang doulos na karaniwang translated na “servant” sa English. Pero sa literal ay “slave.”

Sa salin sa Filipino, mas maganda. Sabi ni Pablo sa Galacia 1:10,

Ako ba’y naghahangad ngayon ng pagsang-ayon ng mga tao o ng Diyos? O sinisikap ko bang bigyang-lugod ang mga tao? Kung ako’y nagbibigay-lugod pa rin sa mga tao, hindi sana ako naging alipin ni Cristo (*Ang Biblia* 2001).

Sinasabi dito ni Pablo na ang dahilan kung bakit niya matapang na naipapangaral ang ebanghelyo – kahit pa iba ang pinaniniwalaan o itinuturo ng ilan – ay dahil siya’y alipin ni Cristo. Ngunit hindi lamang si Pablo ang tinatawag na alipin ni Cristo. Even Timothy (Phil. 1:1; 2 Tim. 2:24), James (Jas. 1:1), Peter (2 Pet. 1:1), Jude (Jude 1), Tychicus (Col. 4:7) and Epaphras (Col. 1:7; 4:12) were called “slaves” of Christ. Ngunit hindi lang ang mga ito kundi lahat ng mga Cristiano ay alipin ni Cristo. “Si Cristo ang pinaglilingkuran n’yo...mga alipin kayo ni Cristo na gumagawa ng kalooban ng Dios”

(Eph. 6:5-6 ASD). “Mamuhay kayo bilang mga alipin ng Dios” (1 Pet. 2:16 ASD).

Kailangan nating maunawaan ang pagkakaiba ng lingkod at alipin. Totoo ngang ang alipin ay naglilingkod ngunit hindi lang iyon. Dr. Josef Tson, a Romanian pastor who had been arrested and imprisoned in 1974 and 1977, then exiled in 1981, “forcefully expressed his preference to be introduced simply as “a slave of Jesus Christ.” Sabi niya, “A servant gives service to someone, but a slave belongs to someone. We commit ourselves to do something, but when we surrender ourselves to someone, we give ourselves up” (Murray J. Harris, *Slave of Christ*, p. 18). Ang isang disciple ay isang servant. Pero higit pa doon, tayo ay alipin. Pag-aari tayo ni Jesus at ang buong buhay natin – buong puso, buong lakas, lahat ng oras, lahat ng kayamanan, lahat ng pangarap, lahat ng plano – ay ibibigay natin sa paglilingkod.

Christlike servant

Ang Panginoong Jesus ay hindi parang isang boss na nag-uutos na gawin mo ‘to, dahil ayaw niyang gawin. Kapag sinabi niyang ibigay natin ang ating buhay sa paglilingkod, iyon ay dahil nauna na siyang gumawa noon. A servant follows the example of his Master.

Noong gabi bago siya patayin, hinugasan ni Jesus ang paa ng kanyang mga disciples, isang gawaing nakareserba lang para sa mga alipin. They were shocked na ginawa ni Jesus iyon. Bakit niya ginawa? Sabi niya, “Kung ako na Guro at Panginoon ninyo ay naghugas ng mga paa n’yo, dapat ay ganoon din ang gawin n’yo sa isa’t isa” (Juan 13:14 ASD). Ganoon din ang gawin ninyo! Nag-set siya ng example na dapat nating tularan. Hindi para hugasan din natin ang paa ng

bawat isa. Kundi para ipakita o iexpress ang laman ng puso ng isang aliping naglilingkod para sa kapakanan ng iba. Paano naglilingkod si Jesus? At paano din dapat tayong tumulad sa kanya?

Loving servanthood. Ang paglilingkod niya ay may pagmamahal. Hindi tulad ng isang waiter o kasambahay na ginagawa iyon dahil trabaho niya, para may masweldo siya siyempre, kahit wala naman talaga siyang pagmamahal sa iyo. Ginawa ni Jesus iyon not out of duty, but out of love. Sa verse 1 ng chapter na iyon, ganito ang nakasulat, “Mahal na mahal niya ang mga tagasunod niya...at ipinakita niya ang kanyang pagmamahal sa kanila hanggang sa katapusan” (ASD). Walang ayawan, walang sawa, walang resignation.

Tularan natin siya na nagsabi, “Love one another as I have loved you” (John 15:12; 13:34). Hindi tayo makapaglilingkod sa iba kung sarili lang natin ang mahal natin. Pinalaya na tayo ng Diyos mula sa pagkamakasarili. “For you have been called to live in freedom, my brothers and sisters. But don’t use your freedom to satisfy your sinful nature. Instead, use your freedom to serve one another in love” (Gal. 5:13 NLT). Ang isang taong alipin pa ng pagkamakasarili ang laging bukambibig ay, “Serve me.” Ang pinalaya na ni Jesus ang bukambibig na, “I will serve you. How can I serve you today?”

Humble servanthood. Ang paglilingkod na ipinakita ni Jesus ay nagpapakumbaba. Ito ang halimbawang sinabi ni Pablo sa mga taga-Filipos na dapat nilang sundin.

Do nothing from selfish ambition or conceit, but in humility count others more significant than yourselves. Let each of you look not only to his own interests, but also to

the interests of others. Have this mind among yourselves, which is yours in Christ Jesus, who, though he was in the form of God, did not count equality with God a thing to be grasped, but emptied himself, by taking the form of a servant, being born in the likeness of men. And being found in human form, he humbled himself by becoming obedient to the point of death, even death on a cross (Phil. 2:3-8 ESV).

Kung hindi ka naglilingkod, ang taas-taas ng tingin mo sa sarili mo. Para bang sinasabi mong, “My time is too important for other people.” Kung ang Panginoong Jesus nga, nanaog mula sa trono niya sa langit para hugasan ang paa natin, tayo pa kaya. Maglilingkod ka kung itinuturing mo ang ibang tao at ang mga pangangailangan nila na importante. Pero kung puro sarili mo lang iniisip mo, wala kang time para sa iba.

Sacrificial servanthood. Ang paglilingkod ni Jesus ay nagsasakripisyo, maging sariling buhay niya ibinigay niya. Ang paghuhugas niya ng paa ay pagpapakita na gagawin ni Jesus ang lahat ng dapat gawin para maibigay sa mga tagasunod niya ang buhay. Para mangyari iyon, inialay niya ang buhay niya para tayo ay magkaroon ng buhay. Pero madalas iniisip natin kung paano tayo mas magiging popular, mas magiging mayaman, at makakabili ng mga gusto nating bilhin. Kelan ba natin iniisip kung paano natin maibibigay ang buhay natin para sa iba?

But whoever would be great among you must be your servant, and whoever would be first among you must be slave of all. For even the Son of Man came not to be

served but to serve, and to give his life as a ransom for many (Mark 10:44-45).

Saan mo ibinubuhos ang lakas mo? Sa trabaho? Sa pag-iipon para mabili ang pinapangarap mong bahay o kotse?

Ang isang servant, tulad ni Jesus, nagmamahal, nagpapakumbaba, at nagsasakripisyo – ibibigay ang buhay kung kinakailangan!

Spirit-empowered servant

Mapapansin natin ngayon na ang paglilingkod ay hindi lang tungkol sa mga dapat nating gawin, pagpaguran at paglaanan ng oras. This is primarily a heart issue. Hindi lang ito isang “gawain” kundi isang pagpapakita ng kalagayan ng puso mo. Sa sarili mo hindi mo kaya, pero dahil nasa iyo ang Espiritu, magagawa mong makapaglingkod sa iba.

Si Jesus ang nagsabi na sa pagdating ng Espiritu sa atin, tatanggap tayo ng kapangyarihan (Acts 1:8). Oo nga’t merong iba’t ibang espirituwal na kaloob o kakayahan at iba-iba ring mga gawain ng paglilingkod (1 Cor. 12:4-5). Pero meron tayong iisang Panginoong ninanais nating masunod at maparangalan at nakadepende tayong lahat sa gagawin ng Espiritu sa ating paglilingkod.

Binigyan ng Dios ang bawat isa sa atin ng kaloob. Gamitin natin ito para sa ikabubuti ng lahat bilang mabubuting katiwala ng iba’t ibang kaloob ng Dios. Ang binigyan ng kaloob sa pangangaral ay dapat mangaral ng salita ng Dios. Ang binigyan ng kaloob para maglingkod ay dapat maglingkod ayon sa kakayahang ibinigay sa kanya ng Dios (1 Pet. 4:10-11 ASD).

May iba-iba man tayong kaloob at gampanin, naniniwala ako na lahat tayo ay makagagawa ng mga sumusunod na basic ways of serving:

Pagtulong. Lahat tayo may maitutulong sa iba. Meron kang lakas. Meron kang boses. Meron kang oras. Meron kang kakayahan. Meron kang talino. Kung ano ang meron ka, na nakikita mong kailangan ng iba, at maibibigay mo naman, makapaglilingkod ka. Isipin mo, “Ano kaya ang kailangan ng taong ito? Kailangan niya kaya nang may makakasama? Kakuwentuhan? Maiiyakan? O tulong pinansiyal? O trabaho? Paano ko kaya siya matutulungan?” Pero siyempre ang main concern natin hindi ang mabusog ang isang tao, magkapera, o maging maayos ang kalusugan. Ang primary concern natin ay makilala nila si Jesus o kung kilala na nila, mas makilala pa at tumibay ang pananampalataya sa kanya.

Pagtuturo. Hindi lahat sa atin mayaman at maabilidad. Pero lahat tayo ay may hawak na Salita ng Diyos na puwede nating ituro sa iba. Kung ano ang nababasa natin, kung ano ang naririnig natin dito, ikuwento din natin sa iba. Kailangan ng mga taong marinig kung sino ang Diyos, kung ano ang ginawa niya sa atin, kung ano ang mga pangako niya. Sabihin mo. Wag mong ipagdamot ang alam mo. Pero siyempre, paano ka nga naman makakapagturo ng salita ng Diyos, kung ikaw mismo hindi mo araw-araw na binabasa ang Salita ng Diyos? So prepare yourself by immersing yourself in the Word.

Pananalangin. Hindi natin kayang baguhin ang puso ng isang tao. Makakatulong tayo. Makakapagturo tayo. Pero ang Diyos ang gagawa. Kaya dapat tayong manalangin at ipagkatiwala sa kanya ang lahat. The best thing we can do to serve others is by praying for them. Hindi ko kayang bigyan

ng oras ang lahat ng members ng church para kausapin, dalawin, at payuhan. Pero ang commitment ko sa Panginoon ay ipanalangin ang bawat isa sa Panginoon. Naglilingkod ako bilang pastor sa pamamagitan ng pananalangin sa mga taong ipinagkatiwala niya sa akin. Will you do the same for others?

Sent to bear witness

Sabi ni Jesus, “Pagdating [ng Espiritu], magpapatotoo siya kung sino talaga ako. Kayo rin ay dapat magpapatotoo tungkol sa akin...” (John 15:26, 27 ASD). A servant is sent to bear witness for Jesus. To serve Jesus is to witness for Jesus. Make him known to others – make his name known, make his love known.

Kilala na natin si Jesus. Pero may mga taong di pa lubos na nakakakilala sa kanya. Magpapatotoo tayo. Ibig sabihin, sasabihin natin na totoo ang Kuwentong ito, na totoo ang pag-ibig niya, na totoo ang kapangyarihan niyang bumago ng buhay, na totoo ang mga pangako niya, na siya ang daan, ang katotohanan at ang buhay (John 14:6). At hindi lang sasabihin, magpapatotoo tayo sa pamamagitan ng gawa natin. Na para bang sinasabi natin, “Tingnan mo ang buhay ko. Ganito ka-totoo ang kapangyarihan ng Diyos.” We witness in words and in deeds. Sa ganitong paraan, nakikibahagi tayo sa misyon ni Jesus.

Kanino tayo maglilingkod sa ganitong paraan?

Church. “So then, as we have opportunity, let us do good to everyone, and especially to those who are of the household of faith” (Gal. 6:10). Espesyal ito kasi kapamilya natin. Ibang klaseng paglilingkod ang ibinibigay natin sa isa’t isa. Pinag-usapan natin ito sa chapter 3. Pero hindi puwedeng tayu-tayo lang.

Family/household. “If anyone does not provide for his relatives, and especially for members of his household, he has denied the faith and is worse than an unbeliever” (1 Tim. 5:8). Siyempre hindi lang physical provision ang tinutukoy dito. Akala kasi ng maraming parents, iyon lang ang responsibility nila sa kanilang mga anak. Meron ding tayong responsibility na ibigay sa asawa’t mga anak natin ang mga espirituwal na pangangailangan nila.

Binigyan ka ng Diyos ng pamilya para paglilingkuran. Huwag mong iisiping ang ministry mo ay sa church lang. Dapat sa pamilya din, ito ang una mong ministry. May mga panahon na pag-uwi ko sa bahay, pagod na sa ministry sa church. Nagiging mentality ko, “Serve me.” I expect my wife and my sons to serve me. Wala namang masama dun, pero hindi iyon dapat ang focus ko. Dapat, “How can I serve my wife and my kids today?” Lalo na kung ang asawa mo ay hindi pa Christian, isipin mo kung paano mo siya mapaglilingkuran. Kung ikaw ay isang tatay o nanay, isipin mo kung paano ka makapaglalaan ng oras sa mga anak mo. Kung ikaw ay isang anak, paano ka naman makakatulong sa bahay? Hindi iyon bang gusto mo lagi ka na lang pinagsisilbihan. Kung meron kang kasambahay, isipin mo rin kung paano mo sila mapaglilingkuran?

The world. Kung naparito si Jesus para hanapin at iligtas ang mga naliligaw, ganoon din ang misyon natin (Luke 19:10). Inilagay ng Diyos ang maraming tao sa buhay natin – mga kaibigan, kamag-anak, ka-Facebook, kaklase, katrabaho, mga kliyente, mga empleyado – dahil meron tayong wala pa sa kanila. Si Cristo! Makapaglilingkod tayo sa kanila kung ipapakilala natin si Jesus sa kanila. Tulad ng ginagawa ni Jean sa mga officemates niya, at ni Diane sa mga classmates niya.

O kahit ng mga nasa GraceComm kapag may bumisita sa kanila, ibabahagi agad si Cristo. O kahit saan ka man dalhin ng Diyos. O kung may mga tao man na dadalin sa iyo ng Diyos, kahit stranger pa sila.

May naiangkas ako sa kotse, babae, noon ko lang nakilala, ipinakiusap lang ng pinsan ni Jodi na isabay ko. Hindi ako kumportable, kasi di ko naman ginagawa iyon. Pero sinabi ko agad sa asawa ko. God gave me a chance to share the gospel sa kanya. Sa nagtitinda ng barbecue, sinabi kong si Jesus lang ang hinahanap mo, siya lang ang kailangan mo. Kahit kanino sabihin natin kung sino si Cristo.

Bakit? Kasi nga kahit sino naman nangangailangan ng Tagapagligtas. Nasa iyo iyon, ibahagi mo sa iba. Karamihan sa mga nakakausap natin, they were on the road to hell and they are not even aware of it. We have the means of rescue. Sabihin natin sa kanila.

Plan to serve in word and in action

Ang isang servant ay siyang alipin ng Panginoong Jesus na tinutuluran ang kanyang paglilingkod, sa patnubay ng kapangyarihan ng Espiritu, para tugunan ang pangangailangan ng mga taong inilagay ng Diyos sa buhay niya. Lalo na ang pangangailangang maranasan ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Pag-isipan mong mabuti ang sagot mo sa mga sumusunod na tanong:

1. ***Kung ako ay isang servant, paano ko maibabahagi sa ibang tao ang pag-ibig ng Diyos – sa salita at sa gawa?*** Bawat taong inilagay ng Diyos sa buhay mo ay isang makasalanang nangangailangan ng Tagapagligtas. Ganyan ka rin dati. Pero may naglaan ng panahon para sa

iyo kaya ngayon ay nakay Cristo ka na. At ito ngayon ang layunin kung bakit nilikha, iniligtas at pinagpapala ka ng Diyos – para sabihin sa iba at ipakita sa pamamagitan ng mabuting gawa ang pag-ibig ng Diyos sa mga kamag-anak mo, kaibigan, kaeskuwela, katrabaho, mga mahihirap, mga inaapi, at mga bata.

2. Mas masasanay tayo sa paglilingkod sa ibang tao kung dito pa lang sa church ay sinasanay na natin ang sarili natin. ***Ano ang nakikita mong pangangailangang dapat tugunan sa church? O problemang dapat ayusin? O taong dapat tulungan? Ano ang gagawin mong hakbang para makapaglingkod?***
3. At hindi naman tamang maglilingkod ka sa ibang tao, tapos sarili mong pamilya di mo pinapansin. ***Sa role mo bilang tatay, nanay, anak o kapatid, paano ka makapaglilingkod sa mga kasama mo sa pamilya at pati sa kasambahay kung meron? Anu-ano ang regular mong gagawin para maipadamang mahal mo sila?***
4. ***Ngayon naman, sinu-sino ang kilala mong mga taong di pa sumasampalataya at sumusunod kay Jesus (unbelievers) – mga taong iniligay ng Diyos sa buhay mo?*** Isulat mo ang tatlo o lima o sampu sa kanila. Mag-commit na regular silang ipanalangin na dalhin sila ng Diyos, sa kapangyarihan ng Espiritu, palapit sa kanya at gamitin ka niya para ibahagi sa kanila ang Magandang Balita (gospel).
 - a. ***Paano mo ito gagawin?*** Ikukuwento mo ba ang ginawa ng Diyos sa buhay mo? Paano mo ikukuwento

ang Story of God? Paano mo sila aanyayahan sa regular na pag-aaral ng Salita ng Diyos? May hihingan ka ba ng tulong? Kailangan mo bang umattend ng mga trainings tungkol dito?

- b. Sa mga taong isinulat mo, ***kailan mo sisimulang ibahagi ang Mabuting Balita sa kanila?*** Gagawin mo ba ito sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na kumain sa bahay n'yo? O iimbitahan sa worship gathering? O magseset ng schedule ng lingguhang pag-aaral ng Salita ng Diyos?

Maraming tanong na dapat sagutin, dapat pag-usapan. Kasi dapat may plano tayo. Intentional dapat ang paglilingkod. Si Kuya Rommel, kapitan ng barko, nagplanong maglilingkod, at ibaba ang kanyang sarili para mapaglaanan ng oras at atensiyon ang mga kasama niyang mga seaman. Nag-Story of God sila. Sa unang grupo niya, siyam sa kanila ang nagpabautismo! Tapos may sumunod pa na labinlima!

Ang Panginoong Jesus mismo, the Captain of our souls, the Lord of our life, the King of the universe, nakaplano ang kanyang pagparito para maglilingkod, at sa kanyang pagbibigay ng buhay sa atin, nais niyang maging tulad niya tayo na ibibigay din ang buhay sa iba. Iyan ang tagasunod ni Jesus.

5

A Disciple is a Missionary

Natural sa ating lahat – tagasunod man ni Jesus o hindi – na gagawin nating lahat ang dapat gawin para sa sarili natin. Para matiyak na magiging kumportable, secured, at prosperous ang buhay natin at ng ating pamilya. Yes, we serve our family, tulad ng napag-aralan natin sa last chapter. Pero kung ang isang tagasunod ni Jesus ay siyang *sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus* – hindi comfort, security and prosperity ang goal natin, kundi suffering, risk-taking and renouncing everything for the sake of the gospel of Jesus.

Malinaw ito sa Luke 9:57-62. Sabi ni Jesus sa isa sa gustong sumunod sa kanya, “Wala akong sariling tahanan na mapagpapahingahan. Are you ready to suffer discomfort?” Sa isa namang inaya niyang sumunod sa kanya pero gustong ipalibing muna ang kanyang tatay o hintayin sigurong mamatay, “Ipaubaya mo sa mga patay ang paglilibing sa kanilang patay. Pero ikaw, lumakad ka at ipangaral ang tungkol sa paghahari ng Diyos.” Handa ka ba na iwan ang sarili mong pamilya, pangarap at ambisyon? Sa pangatlo naman na gustong magpaalam muna sa pamilya niya, “Kung maglilingkod ka para sa kaharian ng Diyos, wala nang lingunan, wala nang atrasan.” Handa ka bang iwan ang mga mahal mo sa buhay?

Akala kasi natin ang liit-liit ng mundo natin. Bahay. Eskuwela. Trabaho. Church. Ang liit ng mundo natin. Oo nga’t nakakabalita tayo sa TV, radyo, o Internet ng mga

masasamang kundisyon ng ibang tao sa bansa natin o sa ibang bansa, kadalasan, they don't concern us at all. Pero ang pagsunod kay Jesus at sa kanyang misyon ay hindi lang dito, kung saan tayo comfortable, kundi “to the ends of the earth” (Acts 1:8).

Bilang servants, natutunan natin sa last chapter, we bear witness for Jesus. Sa church, sa family, at sa mga hindi pa Christians. Pero hanggang saan ang aabutin natin? Si Jesus ang nagsabi bago siya umakyat sa langit, “Ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo” (Acts 1:8 ASD). Hindi ka tinawag ng Diyos para maging *stationary*, “Dito lang ako. Kung saan ko gusto doon ako. Kung saan kumportable at maayos ang buhay.” Tinawag ka niya, tinawag niya ako, tinawag niya tayong lahat para maging *missionary*.

Missionary heart of a disciple of Jesus

Kaya dapat na tingnan din natin na ang isang disciple ni Jesus na hindi lang *learner, worshiper, family member* at *servant*, kundi *missionary* din. Siyempre, kapag naririnig natin ang salitang *missionary*, pumapasok agad sa isip natin ang isang Cristiano na iniwan ang kanyang bayan para pumunta sa bundok o sa liblib na lugar o sa isang lugar na *unreached* para abutin sila ng pag-ibig ni Cristo. Yun naman talaga ang traditional definition ng *missionary*.

Oo, merong aalis. Maybe God is calling you to go to other cultures. Go! Pero hindi ibig sabihing lahat ay aalis. Pero lahat ay dapat na may pusong misyonero. Ito ang puso na gustong maipakilala si Jesus sa lahat ng lahi sa buong mundo. Ito ang puso na gustong makita na sa bawat lahi ay

meron mga tagasunod ni Jesus, merong mga churches na nakatayo at sama-sama sa pag-abot sa kanilang lahi. Ang Great Commission ay hindi “Make disciples” kundi “Make disciples of *all nations*” (Matt. 28:19). Bakit? Sabi niya bago iyon, “All authority *in heaven and on earth* has been given to me” (v. 18). We go to the nations because Jesus deserves the worship of all nations.

Kaso kapag naririnig natin ang “nation” iniisip na agad natin ay isang bansa o country tulad ng Pilipinas, Canada o Australia. Pero dapat nating malaman na ito ay galing sa salitang Griyego na *ethne*, na ang literal na ibig sabihin ay isang *people group* na may sariling lenggwahe at kultura na makakausad ang gospel na walang barrier of understanding. Kung ikaw ay isang Tagalog, makakausap natin ang isa’t isa na wala masyadong cultural or language barrier. Kapag pumunta ka na sa mga Tausug sa Mindanao, meron nang barrier, kasi ibang wika na, ibang kultura na.

Ayon sa Joshua Project (<http://www.joshuaproject.net>), 42% o almost 7,000 ng 16,600 people groups sa buong mundo, katumbas ng 2.99 bilyong katao, ang hanggang ngayon ay “unreached” o less than 2% ang bilang ng mga Christians. Sa iba nga ay wala pang Christians kahit isa, at kung meron mang church sa people group nila ay wala pa naman silang kakayahang ikalat ang ebanghelyo sa kanilang sariling people group. Ibig sabihin, mahigit dalawang bilyong tao ang patungo sa impiyerno na wala man lang pagkakataong marinig ang tungkol kay Jesus dahil walang nagdala sa kanila ng Magandang Balita. Kaya ito ang priority natin. Dahil kapag sinabi ni Jesus na “make disciples of *all nations*,” ibig sabihin, dapat maabot pa ang natitirang 7,000

unreached people groups bago natin matapos ang misyong iniwan niya sa atin.

Kailangan natin ng mga tagasunod ni Jesus na seseryosohin ang misyong iniwan ni Jesus. Ito ang tinatawag ni David Bryant na *World Christians*. Mga Christians na nakikita ang pangangailangan at nagsasabing,

“We want to accept personal responsibility for reaching some of the earth’s unreached...Among every people-group where there is no vital, evangelizing Christian community there should be one, there must be one, there shall be one. Together we want to help make this happen (“What it Means to be a World Christian,” in *Perspectives*, 703).

Ito ang mga disciples na may apostolic passion. Ayon kay Floyd McClung, apostolic passion is

a deliberate, intentional choice to live for the worship of Jesus in the nations. It has to do with being committed to the point of death to spreading His glory. It’s the quality of those who are on fire for Jesus, who dream of the whole earth being covered with the Glory of the Lord (“Apostolic Passion,” in *Perspectives*, 185).

Ito rin naman ang nasa puso ni apostol Pablo, at siyang dapat maging puso ng bawat isa sa atin, “Ang tanging nais ko’y (pinapangarap ko, inaambisyon ko) maipangaral ang Magandang Balita sa mga lugar na hindi pa naipapangaral si Cristo” (Rom. 15:20 ASD). Ikaw, what is your dream? Ano ang pinapangarap mo? Anong mga bagay ang kinasasabikan mo? Anong pangarap ang di ka titigil hangga’t di nangyayari?

Bakit dapat bawat isang disciple ay may ganitong puso sa misyon? Hindi ba iyan para sa iilan lang, sa mga extraordinary Christians lang? Bakit iyan para sa lahat?

We are worshipers of a missionary God

Ang Diyos na lumikha sa atin ay isang missionary God. Nilikha niya tayo para sambahin siya at magkaroon ng malapit na relasyon sa kanya. Iyon ang ibig sabihin ng “in the image of God” (Gen. 1:27). Para ikalat ang pagkakilala sa Diyos sa buong mundo. “Be fruitful and multiply and *fill the earth*” (1:28), sabi niya kina Adan at Eba.

Oo nga’t nagkasala ang tao, pero merong pangako ang Diyos na ililigtas ang mga makasalanan (3:15), hindi lang mula sa iilang lugar, kundi sa buong mundo. Matapos ang pagbaha sa panahon ni Noe, inulit ng Diyos ang sabi niya kina Adan at Eba, “Be fruitful and multiply and *fill the earth*” (9:1).

Nang dahil sa kayabangan ng mga tao, nagtitipun-tipon sila para magtayo ng Tore (Babel), sa halip na kumalat tulad ng sabi ng Diyos. Nilito sila ng Diyos, nagsalita sa iba’t ibang wika. Para tuparin ang nais ng Diyos, “The Lord scattered them from there *over all the earth*” (11:8 NIV).

Si Abraham, tinawag ng Diyos para maging isang malaking bansa. Para siya lang ba ang tumanggap ng pagpapala ng Diyos? No! Sabi ng Diyos sa kanya, “in you *all the families of the earth* shall be blessed” (12:3). Inulit pa, “*all the nations of the earth* shall be blessed in him” (18:18). At ganoon din sa kanyang apo na si Jacob, kung saan galing ang pangalang Israel, “And *all the families of the earth* will be blessed through you and your descendants” (28:14 NLT).

Naalipin ang Israel sa Egipto sa loob ng 430 years, sa pangunguna ng Pharaoh. Sabi ng Diyos tungkol sa kanya, “But for this purpose I have raised you up, to show you my power, so that my name may be proclaimed *in all the earth*” (Exod. 9:16). Inilabas sila ng Diyos mula sa Egipto, “so that *all the peoples of the earth* may know that the hand of the Lord is mighty, that you may fear the Lord your God forever” (Jos. 4:24). Tungkol sa Israel, ganito ang plano niya, “You shall be my treasured possession *among all peoples*, for all the earth is mine; and you shall be to me a kingdom of priests (mediating God’s blessing to the nations) and a holy nation” (Exod. 19:5-6). Kahit na naparusahan sila na magpaikut-ikot sa disyerto, nanatili pa rin ang plano ng Diyos, “But as truly as I live, *all the earth* shall be filled with the glory of the Lord” (Num. 14:21 KJV).

Nakarating na sila sa Promised Land. Nagkaroon sila ng hari, si David. Bago pa man siya maging hari, sa pakikipaglaban niya kay Goliath, sabi niya, “that *all the earth* may know that there is a God in Israel (1 Sam. 17:46). Ang anak niyang si Solomon ang nagtayo ng Templo, bahay-sambahan para sa Diyos, para saan? “In order that *all the peoples of the earth* may know your name and fear you, as do your people Israel, and that they may know that this house that I have built is called by your name” (1 Kings 8:43).

Nakapaloob sa mga awit nila ang pagnanais na makilala ang Diyos sa lahat ng lahi. “O Diyos, pagpalain kami’t kahabagan, kami Panginoo’y iyong kaawaan, upang *sa daigdig* mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas... Magpatuloy nawa iyong pagpapala upang iginalang ka *ng lahat ng bansa*” (Psa. 67:1-2, 7 MBB).

Oh sing to the Lord a new song; sing to the Lord, *all the earth!* Sing to the Lord, bless his name; tell of his salvation from day to day. Declare his *glory among the nations*, his marvelous works *among all the peoples!*... Worship the Lord in the splendor of holiness; tremble before him, *all the earth!* Say *among the nations*, “The Lord reigns” (Psa. 96:1-3, 9-10)!

Sa aklat ng mga propeta, naroon ang plano at pangako ng Diyos na darating ang araw na lahat ng lahi ay sasamba sa kanya.

Lumapit kayo sa akin at kayo ay maliligtas, kayong *mga tao sa buong daigdig*. Walang ibang diyos maliban sa akin. Ako ay tapat sa aking pangako at hindi magbabago, at tutuparin ko ang aking mga pangako: “*Labat ng tao* ay luluhod sa aking harapan, at mangangakong sila’y magiging tapat sa akin!” (Isa. 45:22-24 MBB).

For *the earth will be filled* with the knowledge of the glory of the Lord as the waters cover the sea (Hab. 2:14).

For from the rising of the sun to its setting my name will be great *among the nations* (Mal. 1:11).

Hangga’t meron pang mga lahi ang hindi sumasamba sa tunay na Diyos (hindi ang diyos ng mga Muslim o Hindu o Buddhist), hindi titigil ang Diyos. Sabi nga ni John Piper, “Missions exist because worship doesn’t” (*Let the Nations Be Glad*). At kung tayo ay passionate worshipers of God, hindi rin tayo titigil hangga’t di natin naaabot ang lahat ng lahi. Sabi ni John Stott, “We must be global Christians with a global vision because we have a global God.” Ano ang tingin mo sa Diyos? Na siya’y para sa iyo lang at sa mga pangangailangan

mo? Tandaan mo, we worship a missionary God. He deserves and desires the worship of all nations.

We are followers of a missionary Savior

Dahil ang Diyos natin ay missionary God, pinadala niya ang kanyang Anak na si Jesus para tuparin ang misyong ito. Hindi lang para sa mga Judio, kundi sa lahat ng lahi. “Sinugo rin si Cristo para ipakita ang awa ng Dios sa mga hindi Judio, nang sa ganoon ay papurihan din nila ang Dios” (Rom. 15:9 ASD). We have a missionary Savior. We are his followers. Kung ano ang misyon niya, iyon din ang misyon natin.

Bakit hindi sa Jerusalem ang ministry base niya? Bakit sa Galilee? Dahil iyon ay tinatawag na Galilee of the Gentiles (Matt. 4:14-16), para ang kanyang liwanag ay makita rin ng iba’t ibang lahing nasa kadiliman. Throughout his ministry, may contact siya maging sa ibang lahi. Pinagaling niya ang demon-possessed sa Gadarenes (Matt. 8:28-34). Sa sampung ketonging pinagaling ni Jesus, isa lang ang bumalik, isang Samaritan (half-Jew), para magpasalamat (Luke 17:12-19). May Canaanite woman na pinagaling ni Jesus ang anak dahil sa kanyang pananampalataya (Matt. 15:22-28). May isang Roman centurion ang lumapit sa kanya para pagalingin ang servant niya na maysakit (Matt. 8:5-13). Noon sinabi ni Jesus, “Maraming *bindi Judio mula sa iba’t ibang dako* ang kakaing kasama nina Abraham, Isaac at Jacob sa handaan ng paghahari ng Dios” (Matt. 8:11 ASD). May mga Greeks na gustong makausap si Jesus, ilang araw na lang bago ang kanyang kamatayan. Naging opportunity para sabihin ni Jesus sa mga tao, na pagkatapos na siya’y mamatay, mabuhay muli at umakyat sa langit, “At kapag itinaas na ako mula sa lupa, ilalapit ko *ang labat ng tao* sa akin” (John 12:32 ASD).

Bakit ganito si Jesus? Kasi passionate din siya na ang lahat ng lahi ay sumamba sa kanyang Ama. Sabi niya sa prayer niya na natapos niya ang misyong ibinigay sa kanya, “I glorified you *on the earth*” (John 17:4). Tinuruan niya tayong manalangin, “Our Father in heaven, hallowed be your name, your kingdom come, your will be done *on earth as it is in heaven*” (Matt. 6:9-11). Sa isang di-Judio, isang babaeng Samaritana, itinuro ni Jesus ang pagdating ng isang bagong pagsamba na para sa lahat ng lahi, “But the hour is coming, and is now here, when the true worshipers will worship the Father in spirit and truth” (John 4:23). Itinaboy niya ang mga taong nagtitinda sa templo at hinahadlangan ang mga Gentiles na makalapit sa Diyos. Sabi niya sa kanila, “My house shall be called a house of prayer *for all the nations*” (Mark 11:17; quoting Isa. 56:7).

Naparito si Jesus para hanapin at iligtas ang mga naliligaw (Luke 19:10), hindi lang isang lahi, kundi ang lahat ng lahi. Ang misyon ni Jesus ay siya ring misyon natin. “As the Father has sent me, even so I am sending you” (John 20:21). Bago siya bumalik sa langit, sabi niya, “Dapat ipangaral *sa buong mundo*...na sa pamamagitan [ko’y] patatawarin ng Dios ang mga nagsisisi sa kanilang mga kasalanan. Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito” (Luke 24:47-48 ASD).

Ano na ang pagkakilala mo kay Jesus ngayon? Your personal savior, healer and provider? O global Savior? Nakikita mo na ba ang puso niya “for all nations”? Sabi ni Henry Blackaby at Avery Willis, “You are called into a partnership with Christ the King...to reconcile a lost world to God. To be related to Christ is to be on mission with Him” (“On Mission with God,” in *Perspectives*, 58). We are followers of a missionary Savior.

We are members of a missionary Church

Sa kanyang pagbabalik sa langit, ipinadala niya ang Holy Spirit para pangunahan ang Church na tapusin ang misyong tinagubilin niya. Anong misyon? To bear witness for him “in Jerusalem, in Judea and Samaria and *to the ends of the earth*” (Acts 1:8). Sa simula’t simula pa, ang Church (at lahat ng local churches) ay dapat na isang missionary church. Kaso ilang taon ding naging kumportable sila sa Jerusalem. Nagpadala ang Diyos ng persecution para magkalat sila sa Judea at Samaria (Acts 8:4-5). Dahil doon, si Felipe ay nagkaroon ng pagkakataong maipangaral si Jesus sa isang Ethiopian eunuch (from Africa) (Acts 8:26-40).

Ipinadala ng Diyos si Pedro kay Cornelio, pinuno ng mga sundalong Romano. Tinanggap niya at ng kanyang sambahayan ang Mabuting Balita tungkol kay Jesus. Noong una, tutol pa ang ilang mga disciples dahil mga Gentiles ito. Pero nang magpaliwanag si Pedro na iyon ay galing sa Diyos, sabi nila, “Then *to the Gentiles* also God has granted repentance that leads to life” (Acts 11:18).

Tapos, si Pablo, na dating nagpapapatay sa mga Christians, tinawag din ng Diyos. Sabi ng Panginoon tungkol sa kanya, “Pinili ko siyang maglingkod sa akin, para ipakilala niya ako *sa mga hindi Judio* at sa kanilang mga hari...” (Acts 9:15 ASD).

Hindi lang si Pedro, hindi lang si Pablo, kundi buong church ay tinawag na maging “missionary church.” Tingnan n’yo ang church sa Antioch. “While they were worshipping the Lord and fasting, the Holy Spirit said, ‘Set apart for me Barnabas and Saul for the work to which I have called them.’”

Then after fasting and praying they laid their hands on them and sent them off” (Acts 13:2-3 ESV).

Merong umaalis (*goers*). Ang mga naiiwan naman ang nagpapadala (*senders*) sa mga umaalis sa pamamagitan ng panalangin, encouragement at suportang pinansiyal. Madalas kasi nating maririnig sa ibang church na sinasabi, “Bakit kailangan pang umalis? Dito nga lang sa atin, marami pang dapat abutin.” Yes, maraming dapat abutin. At gawin natin lahat ng magagawa natin para maabot sila. Pero di naman matatapos iyon. Kahit maging 10,000 pa ang members ng church natin, the job is not yet done. Si Pedro o si Pablo, sinabi ba nila sa Diyos, “Dito muna kami sa Jerusalem. Di pa tapos ang misyon dito.”? No!

We are members of a missionary church. Hindi lang tayo isang pamilya na nagmamahalan, nagkakatuwaan na magkakasama. Kaya merong mga tinatawag na GraceCommunities sa BBCC, hindi para katuwaan lang. Ang isang GraceComm ay isang pamilya ng Diyos na *nakikibahagi sa misyon ng Diyos*. Our church is a family of God *on mission with God*.

Hindi pa tapos ang misyong ito. Dahil hindi pa bumabalik si Jesus. Sabi niya sa Matthew 24:14, “Ipangangaral sa buong mundo ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Dios upang malaman ito *ng lahat ng labi*; saka darating ang katapusan” (ASD). Ang pagdating ni Jesus ay nakakonekta sa fulfillment ng “make disciples of all nations.” At sa kanyang pagbabalik, nakita ni apostol Juan ang mangyayari,

Nakita ko ang napakaraming tao na hindi mabilang sa dami. Nagmula sila *sa lahat ng bansa, angkan, labi at wika*... Sumisigaw sila nang malakas, “Purihin ang Dios na

nakaupo sa trono, at purihin din ang Tupa dahil iniligtas nila kami sa kaparusahan” (Rev. 7:9-10 ASD)!

Kung sabik ka sa pagbabalik ni Jesus, sa araw na lahat ng lahi ay luluhod sa pagsamba sa kanya, then you will go kung sabihin sa iyo ng Diyos na “Go!” Kung sabihin naman niyang, “Stay,” you will stay. Pero ang puso, ang pangarap, ang ambisyon mo ay mananatiling maabot ang lahat ng lahi ng ebanghelyo ni Jesus.

Oo, marami pa tayong di alam, di natin sigurado kung kelan talaga matatapos ang misyong ito. Pero kahit na, tulad nga ng sabi ni George Eldon Ladd,

I know only one thing: Christ has not yet returned; therefore the task is not yet done. When it is done, Christ will come... So long as Christ does not return, our work is undone. Let us get busy and complete our mission (“The Gospel of the Kingdom,” in *Perspectives*, 75).

Plan to reach “all nations”

Sabi ni John Piper, “There are only three kinds of Christians when it comes to missions: zealous goers, zealous senders, and disobedient.” So we plan to obey Jesus. Kung ako ay isang missionary, paano ako makakatulong na mabigyang-karangalan ang Diyos sa lahat ng lahi – sa Pilipinas man o sa ibang bansa? Saan ka man nakatira ngayon, paano magkakaroon ng impact ang buhay mo sa lahat ng bansa, tribo, wika at lahi sa mundong ito? Hindi lang ito para sa mga extraordinary missionaries, kundi para sa mga ordinaryong tagasunod ng Panginoong Jesus. Sa panahon ngayon, dahil sa migration, Internet, at globalization, abot-kamay na natin ang ibang mga lahi. Magagawa nating abutin ang natitira pang

mga lahi (tulad ng mga Muslim) na di pa nakakakilala sa Panginoong Jesus – kung tulung-tulong tayo sa panalangin, pagbibigay, pagpunta, at pagsuporta sa mga pumupunta sa kanila.

1. ***How will I pray for the nations?*** Masidhing ipanalanging dumating na ang kaharian ng Diyos at masunod ang kalooban ng Diyos sa buong mundo. Magplano kung paano ipapanalangin ang ibang bansa at ibang lahi, lalo na ang mga tinatawag na unreached peoples. Maaari mong gamitin ang *Operation World* (<http://operationworld.org>), Joshua Project's *Unreached of the Day* (<http://unreachedoftheday.org/> | may mobile app din ito); at *Global Prayer Digest* (<http://globalprayerdigest.org>).
2. ***How will I give to the nations?*** Magplanong magsakripisyo at gumastos para sa ibang mga lahi. Isakripisyo ang mga gusto mong bilhin para sa matinding pangangailangan ng ibang lahi – lalo na ang pangangailangang makarinig ng Mabuting Balita. Maaaring dagdagan ang ibinibigay sa church (malaking porsyento ng budget ng church ay napupunta sa missions) o humanap ng susuportahang mga organisasyon o mga taong ang focus ng ministry ay sa pag-abot sa mga unreached.
3. ***How will I go to the nations?*** Pag-isipan at ipanalanging mabuti ang iba't ibang paraan para gugulin mo ang ilang panahon ng buhay mo, o dalhin ang pamilya mo, o samantalain ang oportunidad sa trabaho mo para madala ang Mabuting Balita sa ibang lahi. Maaaring

sumama ka sa isang short-term missions trip. O baka sinasabi ng Diyos sa iyo na maglaan ng mas mahabang panahon pa, o ilaan na ang buong buhay mo sa pagmimisyon sa ibang lahi. Gumawa ng plano tungkol dito, ayon sa gabay ng Panginoon.

Sabi ni Floyd McClung,

If you have apostolic passion, you are one of the most dangerous people on the planet. The world no longer rules your heart. You are no longer seduced by getting and gaining but devoted to spreading and proclaiming the glory of God in the nations. You live as a pilgrim, unattached to the cares of this world. You are not afraid of loss. You even dare to believe you may be given the privilege of dying to spread His fame on the earth. The Father's passions have become your passions. You find your satisfaction and significance in Him. You believe He is with you always, to the end of life itself. You are sold out to God, and you live for the Lamb. Satan fears you, and the angels applaud you. Your greatest dream is that His name will be praised in languages never before heard in heaven.

6

A Disciple is a Disciplemaker

Noong birthday ko, kumain kami sa Yakimix. Buffet. Eat all you can. Grabe sa dami ang pagkain. Masasarap pa. May Japanese. May Chinese. May Korean. May Filipino. Gusto ko man tikman lahat, hindi ko kaya. Pipili lang ako kung ano ang gusto ko. Karaniwan, ganito ang mindset ng maraming Filipino pagdating sa Christianity. Kung nagustuhan ang napakinggan, isasabuhay. Kung ayaw naman, at mukhang kailangan ng commitment at sacrifice, wag na lang.

Pero hindi ito ang picture ng discipleship na pinag-uusapan natin. Ang tagasunod ni Jesus ay sumusunod kay Jesus. Hindi lang sa iilan o sa karamihan ng mga utos niya, kundi sa lahat. Nang iutos niya ang Great Commission sa Matthew 28:18-20, sinabi niyang ang kanyang authority ay “*all* authority.” In making disciples of Jesus, aabutin natin hindi lang ang sarili nating lahi o ang iilang lahi kundi “*all* nations.” At hindi lang sila babautismuhan, kundi tuturuang sumunod, hindi lang sa iilang utos niya kundi sa lahat, “teaching them to obey *everything* I have commanded you” (Matt. 28:20 NIV).

Nanggaling ang definition natin ng isang disciple sa Matthew 4:19. Sa unang pagtawag ni Jesus sa mga disciples niya, sinabi niya, “Follow me, and I will make you fishers of men.” Ang isang disciple ay *sumusunod kay Jesus, binabago ni Jesus, at ibinibigay ang buhay sa misyon ni Jesus*. Sa pagsunod mo kay Jesus, binabago niya ang isipan mo, mga hangarin, mga relasyon at mga pangarap sa buhay. Binigyan ka niya ng

bagong buhay ng Panginoon para ibahagi din ito sa iba at sanayin sila sa pagsunod sa kanya.

Sa nakaraang chapter about missions, baka naoverwhelm ka habang binabasa mo. All nations? Masyadong malaki iyan. Baka isipin mo, “Hindi ako para diyan. Pang-dito lang ako. Ordinaryo lang ako. Di ko kaya iyan.” Siyempre naman, hindi mo kaya. Pero tandaan mong di ka naman nag-iisa. Ang church ay isang pamilya. Tulung-tulong. Napakalaki ng Pamilya natin sa buong mundo. Kung magtutulongan, magkakaisa, we can finish the “all nations” mandate sa atin. Saanman tayo naroroon, saanmang sulok ng mundo tayo dalhin ng Diyos, ang layunin natin ay “to make disciples who make disciples who make disciples” hanggang maabot ang lahat ng mga lahi sa mundo at bumalik na ang Panginoon.

A disciple is also a disciplemaker

But we have to start with one person at a time, one disciple at a time. Ang utos na “make disciples” ay iniutos sa lahat ng mga disciples ng Panginoong Jesus. At kung may sasanayin man tayo na mga bagong disciples, ang goal natin ay maging disciple-maker din sila, na makasunod sila sa lahat ng utos ni Jesus. Kasama sa “lahat” na iyon ang huling utos niya na “make disciples” bago siya umakyat sa langit.

Ano ang ibig sabihin ng discipleship o disciple-making? Simple definition ang binigay nina Bobby Harrington at Josh Patrick sa kanilang *Discipleship Handbook*: “*helping people trust and follow Jesus.*” Tumutulong sa ibang tao na mas makilala si Jesus, magtiwala kay Jesus, at sumunod kay Jesus. Simpleng definition, pero malaman. Nag-identify sila, based din sa

Matthew 28, ng six elements (o mahahalagang sangkap) for us to make disciples who make disciples who make disciples.

Elements 1-3: Jesus, Bible, Relationships

Sa mga nakaraang chapters, nadiscuss ko na ang mga ito. Papasadahan ko lang ngayon, tapos magfocofocus ako sa huling tatlo. Yung first element siyempre, **Jesus**. It's all about Jesus. Sa Mateo 28:16-20, tinawag silang "11 tagasunod ni Jesus." Pumunta sila sa bundok na sinabi ni Jesus sa kanila. Nakita nila si Jesus. Sinamba nila si Jesus. Nakay Jesus ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa. Ang lahat ng mga lahi ay para kay Jesus. Babautismuhan sila sa pangalan ng Ama, ng Anak (si Jesus!) at ng Espiritu. Tuturuan silang sumunod sa lahat ng utos ni Jesus. It's all about Jesus! Life is all about Jesus!

Ikaw, saan umiikot ang buhay mo? Hindi lahat ng tao si Jesus ang nasa sentro ng buhay nila. Kahit Christians na, we still struggle with this. Ang goal ng disciple-making ay ilapit sila sa Panginoong Jesus, tulungan silang makilala pa siya, magtiwala sa kanya, sumunod sa kanya.

Ngunit paano mo siya mas makikilala? Paano mo malalaman ang mga utos niya na dapat sundin? Second element, **Bible**. Babad tayo dapat sa Salita ng Diyos. Ang ididisciple natin, tuturuan natin ng Salita ng Diyos at kung paano pag-aaralan ang Salita ng Diyos. It is "profitable for teaching, for rebuking, for correction, and for training in righteousness" (2 Tim. 4:16). Hindi lang ito for head knowledge, kundi for heart transformation and life change. "Turuan ninyo silang *sumunod* sa lahat ng iniutos ko sa inyo" (Matt. 28:20). Hindi lang basta mag-aral ng Bibliya, kundi maturuan silang magtiwala at sumunod sa Diyos sa lahat ng

bahagi ng kanilang buhay. Our goal is not just information, but transformation (Rom. 12:1-2; 2 Cor. 3:18).

Mangyayari ang transformation na ito in the context of **relationships**. Iyan ang third element. “Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu” (Matt. 28:19). Hindi lang basta mailubog sila sa tubig, kundi maakay sa isang malapit na relasyon sa tatlong persona ng Diyos at maikonekta sa pamilya ng Diyos – ang Iglesia o Church (o isang GraceCommunity). No one can be a disciple alone.

Element #4: Intentionality

Ang disciple-making ay di mangyayari basta-basta. Dapat intentional. Dapat may plano. Sabi ni Jesus, “Puntahan ninyo...” Sino ang pupuntahan mo? Paano ka pupunta? Kailan ka pupunta? Kung ang disciple-maker ay tumutulong sa iba na makakilala kay Jesus at makasunod sa kanya, dapat may plano ka kung ano’ng gagawin mo. Paano mo gagawin iyon? Hindi mo ito magagawa kung nakaupo lang, hindi nagpaplano at hindi naglalaan ng oras para sa iba.

Para mas maging intentional ang bawat member ng church, sinimulan namin ang *One2One*. Bawat isa, merong isa pa na umaakay, umaalalay para tulungan kayong mas makilala si Jesus, magtiwala at sumunod sa kanya. Nasanay kasi tayo na program-based ang discipleship. Dito sa *One2One*, mas personal, mas relational. Kung bago ka pa lang sa Christian life, tiyakin mong may nagwa-*One2One* sa iyo. At kung sanay ka na, humanap ka naman ng iwa-*One2One* mo. Bawat isa may nagdidisciple. Bawat isa may dinidisciple. Tulungan dapat sa pagsunod kay Jesus.

Hindi ibig sabihin na kapag magkikita kayo, mag-uusap, mag-aaral ng Salita ng Diyos, mananalangin ay palaging one-

on-one lang. Pwede, at mas mainam, kung dalawa ang wina-*One2One* mo. Mas dynamic kasi ang interaction kapag tatlo o apat. Pero mahirap na kung mas marami pa. Para hindi rin mabigat sa iyo. Tapos regular dapat kayong nagkikita. Pwedeng linggu-linggo sa loob ng kalahating taon, o puwedeng hanggang 2 years. Depende, hanggang maabot ang goal na may wina-*One2One* na rin ang mga dinidisciple mo.

Hindi ka lang isang disciple, ikaw din ay disciple-maker! Kung paano ka natulungan ng iba sa pagiging disciple, ganoon din dapat ang gawin mo sa iba. Ito ngayon ang tanong na dapat mong sagutin at pagplanuhang mabuti: *Kung ako ay isang disciple-maker, paano ko masasanay ang ilan sa mga kapatid ko kay Cristo na makasunod din sa kanya?*

1. ***Whom will I invite to disciple-making?*** Isulat ang pangalan ng isa, dalawa, o tatlong kapatid kay Cristo na inilagay ng Diyos sa puso mo para gabayan sa pagsunod sa Panginoon at sanayin din sa disciple-making?
2. ***How will I bring them in?*** Paano ko sila aanyayahan na maglaan ng ilang oras kada linggo sa *One2One* meeting para pagtulungan namin ang paglago sa pagsunod kay Cristo? Anu-anong adjustments ang gagawin ko sa aking schedule para makapaglaan ng oras sa kanila? Sa inaya ko, sino pa ang pwede kong isama sa kanya? O sino pa ang gusto niyang isama?
3. ***How will I teach them to obey?*** Pag-isipan kung paano sila matuturuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ng Panginoon. Anu-anong materials ang gagamitin mo? Merong mga recommended resources

ang church para sa iyo. Magtanong ka sa pastor o leader mo. Pero pwede ka ring mag-adopt ng iba depende sa sitwasyon o pangangailangan ng dinidisciple mo. Pero tiyakin mong nakabatay sa Word of God ang mga pag-aaralan at nakasentro kay Cristo.

Element #5: Journey

Ayon kay Jim Putman, sa kanyang *Real-Life Discipleship*, merong proseso ang paglago ng isang disciple, at dapat aware tayo dito para matulungan natin sila ayon sa pangangailangan o kalagayan nila. Oo nga't hindi naman linear, straight line ang process na 'to, may ups and downs, pero nandoon ang growth. Ito ang discipleship journey na sasamahan natin ang iba, aalalayan, paglalaanan ng panahon. Hindi ito program, meron itong personal involvement.

Tulad ng halimbawa ng Panginoon sa kanyang pagtuturo sa mga tagasunod niya. Inilaan niya ang oras, lakas, at buhay niya para sa kanila. Nagbigay siya ng magandang halimbawang dapat nilang tularan. Tulad ni apostol Pablo sa mga taga-Tesalonica (1 Thess. 2:7-12) na para siyang isang “mapagkalingang ina,” inihandog “ang aming buhay” dahil “sa laki ng aming pagmamahal sa inyo”; at tulad din ng “ama” – “pinayuhan namin kayo, pinalakas namin ang inyong loob, at hinikayat na mamuhay nang tapat sa paningin ng Diyos.” Para tayong mga magulang na inaalalayan ang iba sa prosesong ito.

Ano itong five stages, ayon kay Jim Putman?

1. Dead. Dito tayo lahat nagsimula. “Noong una, itinuring kayo ng Dios na *mga patay* dahil sa mga pagsuway n’yo at mga kasalanan” (Eph. 2:1 ASD). Ito ang mga taong di

naniniwala sa Dios at sa kanyang Salita sa Bibliya. O kung naniniwala sila, sinasabi namang, “Maraming daan papunta sa Diyos. Kahit anong relihiyon naman ayos lang.” O kung Christian man siya, sinasabi niyang, “Christian ako kasi nagsisimba ako at mabuting tao naman ako.” Kailangan nating i-**share** sa kanila kung sino ang Diyos, si Jesus at ang kanyang ginawa, at kung paano tayo magkakaroon ng relasyon sa kanya hindi sa pamamagitan ng gawa kundi ng biyaya ng Diyos na tinatanggap sa pananampalataya (Eph. 2:8-9). Pwedeng gamitin ang *The Story of God* (available at <https://pastorderick.com/the-story-of-god/>) para dito.

2. Infant. At kapag sila ay may buhay na, hindi na patay, na-born again na (John 3), magsisimula iyan sa pagiging sanggol. “Dahil ipinanganak na kayong muli, talikuran n’yo na ang lahat ng uri ng kasamaan...Gaya ng *sanggol na bagong panganak*, manabik kayo sa dalisay na gatas na espirituwal (Word of God!), upang lumago kayo...” (1 Pet. 2:2). Kailangang-kailangan nila ng tulong ng mga matatanda. Marami pa silang hindi alam. Kala nila kapag naging Christian, magiging OK na ang lahat. O ang mga Christians akala nila parang mga santo at santa na. Sinasabi nila:

- “Hindi namang kailangang pumunta sa church. Naikukuwento naman sa akin ang mensahe ni pastor. Nagpepray naman ako at nagbabasa ng Bible.”
- “Nasaktan na ko ng mga tao. Ayokong maging close sa iba.”
- “Ang ministry ko ay ang trabaho ko. Nagpoprovide ako sa family ko. Wala na akong oras para sa church.”
- “Tithing? Ano iyon?”
- “Hindi ko alam na nasa Bible pala iyon.”

Parang si Pablo sa pakikipag-usap niya sa mga taga-Corinto bilang “*mga sanggol* pa sa kanilang pananampalataya kay Cristo” (1 Cor. 3:1). Patuloy nating i-**share** sa kanila ang gatas. We share new truths from the Bible. Bibigyan natin sila ng magandang foundation sa buhay Cristiano. Para mas makilala nila si Jesus at malaman kung paano sila naligtas, pwedeng gamitin ang *Following Jesus* (six lessons). Para i-share sa kanila ang mga bagong habits na kailangan nilang simulang ipractice para sa paglago, pwedeng gamitin ang *First Steps* (7 lessons) at ang aklat na ito kasama ang *One2One Disciplemaking Plan* (available at <https://pastorderick.com/one2one/>). Bigyan mo sila ng personal attention, para makita nila na meron silang mapagkakatiwalaan at mapagsasabihan ng mga struggles nila. Ang focus mo dito ay ang identity ng disciple as *learner*. Natututo silang makinig sa salita ni Jesus at sumunod sa mga utos niya. Natututo din silang tumingin sa atin sa mga halimbawang ipapakita natin.

3. Child. Dahil meron na silang magandang foundation, they are feeling a sense of security. “I am writing to you, *little children*, because your sins are forgiven for his name’s sake” (1 John 2:12). Naeexcite na silang mas matuto pa. Naeexcite sila sa mga opportunities na meron sa church. Kaso naroon pa rin ang self-centeredness. Maririnig sa kanila ang ganito:

- “Sino ba ‘tong mga bagong pumupunta sa church? Di ko sila type. Sa iba na lang dapat sila umattend.”
- “Ayoko nang pumunta sa church, dami namang tao.”
- “Gusto ko sanang pumunta sa gathering ng GraceComm, kaso di naman ako naaasikaso dun.”

- “Wala namang naglalalaan ng panahon sa akin. May nagwa-*One2One* sa iba, sa akin wala. Ayaw siguro nila sa akin.”
- “Di ko nagustuhan ang music ngayon, maingay masyado, mali-mali ang lyrics, buti pa dun sa isang church...Ang haba pa ng sermon ng pastor, nakakaantok.”
- “Di naman ako napapansin dito, makalipat na lang sa iba.”

Kailangang maituro sa kanila na ang pinakamahalaga sa lahat ay ang relasyon nila sa Diyos at kay Cristo, yung identity nila dahil sila ay nakay Cristo na, hindi kung ano ang sinasabi ng iba o trato sa kanila. Dapat maturuan silang pakainin na ang sarili nila (personal Bible study), hindi na sinusubuan pa. Dapat matutunan nilang makipag-relate sa church bilang isang pamilya, na iadjust din ang expectations sa ibang kapatid kay Jesus, na merong understanding. Ang focus sa stage na ito ay ang identity ng disciple as *worshiper* at *family member*. Na mas maunawaan nilang ang layunin ng Diyos ay ang relasyon sa kanya (Love the Lord your God!) at relasyon sa iba (Love one another!). We **connect** them to church as family and to God.

4. Young Adult. So they are moving from self-centeredness to God-centeredness and other-centeredness. “I am writing to you, *young men*, because you have overcome the evil one...I write to you, *young men*, because you are strong, and the word of God abides in you, and you have overcome the evil one” (1 John 2:13-14). Nandoon na ang desire na maglingkod sa iba at gawin ito for God’s glory. Pero naroon din ang tendency na feeling nila responsible sila

kung magrespond ang iba sa message nila o hindi.

Nagseserve sila, pero hindi pa nila naiisip kung paano sasanayin din ang iba. Ganito ang karaniwang sinsabi nila:

- “Gustung-gusto ko sa GraceComm namin, pati ang Fight Club ko malaking tulong talaga sa mga heart issues ko. Meron pang iba na walang GraceComm at Fight Club. Sana maexperience din nila.”
- “Gusto ko na ring mag-lead ng isang group, kaso di ko pa alam kung ano’ng gagawin.”
- “Bakit kaya hindi dumalo si Elsa at si Ana ngayon, may sakit siguro, madalaw nga.”
- “May binabasa ako sa Quiet Time ko, may tanong ako. Maitanong nga sa iba.”
- “Meron palang visitation team, makasali nga.”

Kailangan mo silang bigyan ng lugar kung saan sila maglilingkod. Aalalayan mo sila tungkol sa mga experiences nila sa ministry. Tutulungan mo silang makabuo ng sariling Fight Club, para kung matapos na ang *One2One* mo sa kanila, tuluy-tuloy pa rin ang discipleship nila sa isa’t isa, kung saan pwede silang magconfess, maencourage, at maging accountable sa isa’t isa. Tutulungan mo natin silang maidentify ang mga spiritual gifts nila at sasanayin sa pagbabahagi ng gospel tulad ng Story of God training. Isasama mo sila sa mga ministry mo para maexperience nila. Bibigyan mo sila ng mas malaking vision – global vision. Pwede mo silang ayaing umattend ng *Kairos Course* para dito. Ang focus sa stage na ito ay ang kanilang identity bilang *servant at missionary*. So we train them to **minister**.

5. Parent. Ito ang role ni Pablo kay Timoteo na gusto rin niyang gawin niya naman sa iba. Meron nang reproduction.

Meron nang sariling inaalagaan. Dati siya ang inaalalayan, ngayon umaalalay na rin siya sa iba mula sa pagiging spiritual infant hanggang maging disciple-maker na rin. “Kaya ikaw Timoteo, bilang anak ko sa pananampalataya, magpakatatag ka sa tulong ni Cristo Jesus. Ituro mo rin sa mga mapagkakatiwalaang tao, na makakapagturo rin sa iba, ang mga aral na narinig mo sa akin sa harapan ng maraming saksi” (2 Tim. 2:1-2). Kapag parent na, nagsisimula nang mag-isip hindi lang kung ano ang magagawa niya, kundi ang magagawa n’yo as a team. Nandoon na ang mindset na magcoach naman ng iba. Nandoon na ang pagnanais na makita ang mga taong inaalalayan mo na maging mature at maging ka-partner mo sila pero hindi na dependent sa iyo. Kung baga sa isang magulang, di na nakasukob sa bahay niya ang anak niya, kasi may sarili nang pamilya. Pero nandoon pa rin ang relationship nila.

At kapag magsalita sila, gusto nilang pinag-uusapan ang ginagawa ng Diyos sa buhay nila. Hindi nagmamalaki, kundi merong humility.

- “Ipagpray mo ko. Meron kasi akong officemate na gusto niyang ipaliwanag ko ang Bible sa kanya. Excited pero medyo kinakabahan.”
- “Meron kaming ibabaptize sa GraceComm namin, patulong naman kung paano siya mas maiinvolve sa ministry sa church.”
- “Pinagpray ng buong GraceComm namin na mag-mission trip. May maisuggest ka ba kung saan? Sa GenSan kaya?”
- “Ang discipleship pala dapat nagsisimula sa loob ng bahay. Pwede mo ba kong kumustahin palagi kung

naglalaan ako ng oras para idisciple ang mga anak ko?”

- “Meron kaming kasama sa GraceComm na passionate sa mga bata. Pwede mo bang sabihin kay Alvin (Children’s Ministry head) na tawagan ako?”

Exciting kapag ang dinidisciple mo ay ganito na ang mga sinasabi. Tatanungin mo na ngayon, ***How will I send them out?*** Ang layunin natin ay hindi lang para sila ay matulongang sumunod kay Jesus, kundi para balang araw sila rin ay matutong turuan at sanayin ang iba na sumunod kay Jesus at maging disciple-makers din. Pag-isipan mo kung paano mo sila ikukumisyon (commission) para makapagsimula na rin silang magsanay ng iba. Isipin mo din kung paano mo sila patuloy na paglilingkuran at gagabayan habang sila naman ang nagsasanay ng iba.

Element #6: Multiply

Kapag sinunod natin ang strategic process na ito, natural na lilitaw ang ika-anim na sangkap, multiply. This is our goal. Sa creation pa lang ito na ang nais ng Panginoon sa atin, to reproduce, to multiply (Gen. 1:28; 9:1). Pero hindi biological reproduction ang point, kundi iyong reproducing the life of Jesus in us. “By this my Father is glorified, that you *bear much fruit* and so prove to be my disciples... You did not choose me, but I chose you and appointed you that you should *go and bear fruit* and that your fruit should abide” (John 15:16). At nangyayari ito kapag ang mga inaakay nating tagasunod ni Jesus ay nag-aakay na rin ng ibang tagasunod ni Jesus na nag-aakay na rin ng ibang tagasunod ni Jesus.

Ito ang nangyayari sa book of Acts, sa early Church.

“And in those days, when the number of the disciples was *multiplied*” (Acts 6:1 KJV). “And the word of God continued to increase, and the number of the disciples *multiplied greatly* in Jerusalem” (Acts 6:7). “So the church throughout all Judea and Galilee and Samaria had peace and was being built up. And walking in the fear of the Lord and in the comfort of the Holy Spirit, it *multiplied*” (Acts 9:31).

Multiplication ang nangyayari kung bawat isa ay nakikibahagi na making disciples who make disciples who make disciples who make disciples...Karaniwan addition lang ang nangyayari, kung ikaw lang ang gagawa, at ang mga dinidisciple mo ay di natuturuang magdisciple din ng iba. Minsan nga subtraction pa. Kapag isang tao sa isang linggo ang madala mo sa Panginoon, merong 50 pagkatapos ng isang taon, 200 pagkatapos ng apat na taon, 500 after 10 years, 1,000 after 20 years. Ang dami na rin, ‘no? Pwede na siguro yun? Pero hindi pwede ang pwede na, kasi ang desire ni Lord ay “the earth *will be filled* with the glory of the Lord.”

Kapag multiplication, mabagal sa simula, kasi mag-iinvest ka sa buhay ng isa o dalawang tao para makapagmultiply din sila. Sa isang taon, dalawa na kayo. After 2 years, apat pa lang. After 6 years, 16. After 8 years, 256 na. After 10 years 1,024 na. After 20 years more than 1 million na! Ganyan kalaki ang impact if we will invest our life sa buhay ng isa o dalawang tao sa loob ng isa o dalawa o tatlong taon.

Ganyan ang ginawa ni Jesus sa 12 sa loob ng tatlong taon. Siyempre di pa natin nakikitang nangyayari. Kasi may part tayo na gagampanan. Ang dinidisciple din natin may part na gagampanan. Pero higit sa lahat, mangyayari ito dahil sa kapangyarihan ng Espiritu na nasa atin. Ito naman ang

pinangako ni Jesus. “At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo” (Matt. 28:20).

Ito ang motivation natin. Ang makasama si Jesus. Ang maramdaman ang presensiya niya. Ito rin ang premyo natin.

Kung mapapansin n’yo parang hawig itong “multiplication” sa networking o pyramid schemes o multilevel marketing. Na magrerecruit ka, na magrerecruit din, na magrerecruit din. At lalong lumalaki ang kikitain mo. Pero ang kaibahan, kahit Great Commission ang tawag sa disciple-making, walang kumisyong makukuha, walang suweldo, walang kita. Ikaw pa nga ang magpapaluwal, ikaw pa nga ang gagastos. Pero dito walang scam. Di lugi ang investment mo. You will experience more of Jesus. The Father is glorified when we bear much fruit (John 15:8). And our joy will be full (15:11).

This is for God’s greater glory and the fulness of our joy. Sulit na sulit. So, if you want that, more of God’s glory, and more joy, sa susunod na isa o dalawang taon, sino ang isa o dalawang tao (non-Christian o new disciple) ang paglalaanan mo ng oras para mas makilala si Jesus, mas magtiwala kay Jesus, at mas makasunod kay Jesus?

Sino?

Bibliography

- Chan, Francis, and Mark Beuving. *Multiply: Disciples Making Disciples*. Colorado Springs, CO: David C. Cook, 2012.
- Harrington, Bobby and Josh Patrick. *Discipleship Handbook: The Six Elements of a Personal Discipleship Lifestyle*. Accessed May 11, 2016. <http://discipleship.org/wp-content/uploads/2014/06/Discipleship-Handbook-Final-REVISED-AND-REDUCED-PDF.pdf>.
- Harris, Murray J. *Slave of Christ: A New Testament Metaphor for Total Devotion to Christ*. Downers Grove, IL: InterVarsity, 2001.
- Ogden, Greg. *Transforming Discipleship: Making Disciples a Few at a Time*. Downers Grove, IL: InterVarsity, 2003.
- Piper, John. *Desiring God: Meditations of a Christian Hedonist*. Colorado Springs, CO: Multnomah, 2011.
- Piper, John. *Let the Nations Be Glad!: The Supremacy of God in Missions*. Grand Rapids, MI: Baker, 1993.
- Piper, John. "The Soul." *Desiring God*. 2013. Accessed May 04, 2016. <http://www.desiringgod.org/articles/the-soul-s-final-feast>.
- Piper, John. "Worship Is an End in Itself." *Desiring God*. 1981. Accessed May 04, 2016. <http://www.desiringgod.org/messages/worship-is-an-end-in-itself>.
- Platt, David. *Follow Me: A Call to Die. a Call to Live*. Carol Stream, IL: Tyndale House, 2013.
- Putman, Jim. *Real-life Discipleship: Building Churches That Make Disciples*. Colorado Springs, CO: NavPress, 2010.

Winter, Ralph D., and Steven C. Hawthorne. *Perspectives on the World Christian Movement: A Reader*. 3rd edition. Pasadena, CA: William Carey Library, 1999.